
# ULÓS

Hunyo 2006

Pangkulturang Dyornal ng Pambansa-Demokratikong Kilusan sa pangangasiwa ng Artista at Manunulat ng Sambayanan (Armas) sa pamamatnubay ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM)



ANG BAWAT LIKHANG SINING SA ISYUNG ITO NG ULOS AY MAAARING IPALAGANAP SA ANUMANG PARAAN O ANYO; ANG MGA AWIT, TULA, KWENTO, SANAYSAY AT SINING BISWAL AY MAAARING SIPIIN SA MGA PANUNURI AT ITANGHAL SA MGA PULONG-MASA AT MGA PAGTITIPON NG MGA REBOLUSYONARYONG PWERSA; MAAARING ISALIN SA IBANG WIKA AT ILATHALA SA MGA PUBLIKASYON NG PAMBANSA-DEMOKRATIKONG KILUSAN.

HINIHIKAYAT ANG LAHAT NG MGA KASAMA SA KANAYUNAN MAN O SA LUNSOD NA MAG-AMBAG NG KANILANG MGA AKDA AT IBA PANG LIKHANG SINING. ANUMANG MGA PUNA AT SUHESTYON AY MALUGOD NAMING TINATANGGAP SA DIWA NG IBAYO PANG PAGPAPAUNLAD SA ATING REBOLUSYONARYONG SINING AT PANITIKAN.

# Nilalaman

## Pambungad

*Ang Kultura ng Pagpapalaya sa Kababaihan sa Rebolusyonaryong Sining at Panitikan*/6

## Mga Tula

*Ang Tagapagsilang*
Ni Kasamang Sirius/12

*Barong-Barong*
Ni Reese Maglayag/13

*Ina ng Lipunan*
ni Kasamang Chynna/14

*Mulat*
Ni Kasamang Janelle/15

*Ina Teresa*
Ni Lucia Makabayan/16

*'Nay Celia, Ikaw ang Tulang Ito*
Ni Kasamang Vitan/17

*Lullabies for the Unborn*
Ni Vicenta M. Buenafe/19

*Oyayi para sa Hindi pa Naisisilang*
Salin ni Ting Remontado/20

*Ka Pinay: Manipesto ng Dakilang Pakikidalamhati*
(Salin) /21

*Sampaguita*
Ni Lorena Barros/*23*

*Sampaguita*
(Salin) /*24*

*Ina*
Ni Lorena Barros /*25*

*Mga Tanaga*/*26*

## Mga Sanaysay

*Isang Istorikong Pagtingin*
*sa Paglaya ng Kababaihan sa Pilipinas*
Ni Julieta De Lima Sison/*28*

*Ang Kwento ng Marso 8*
Ni Kasamang Mira Ledesma/*40*

## Maikling Kwento

*Mapagpasya ang Masa*
Ni Kasamang Jem/*46*

*Rosa Rio*
Ni Kasamang Ophelia/*53*

*Nagmana sa Ina*
Ni Kasamang Isay/*57*

*Larawan sa Pitaka*/*62*

*Sa Ngalan ng Ina at Anak ng Rebolusyon*/*68*

## Mga Liham

*Liham para kay Ka Eden*
Ni Kasamang Joan/*72*

*Liham para kay Kasamang Esteban*
Ni Kasamang Antali/*74*

*Liham sa Isang Ama*
Ni Kasamang Vitan/*76*

*Liham para sa Isang Ina*
Kasamang Yasmin/*77*

*Liham para sa mga Anak*
Kasamang Adi/*79*


## Mga Awit

*Babaeng Walang Kibo/82*

*Martsa ng Kababaihan/83*

Pasasalamat/*84*

# Ang Kultura ng Pagpapalaya sa Kababaihan sa Rebolusyonaryong Sining at Panitikan



NAKABIGKIS SA KASAYSAYAN ng kilusan sa pagpapalaya ng kababaihan ang makulay at mayamang sining at panitikan na pumapaksa sa rebolusyonaryong lakas ng kababaihan. Inilalarawan sa mga tula, kwento, awit, at dibuho hindi lamang ang kaapihan ng kababaihan kundi lalong higit ang kanilang paghahangad na lumaya. Masasalamin sa rebolusyonaryong sining ang kahandaan ng kababaihan para kumilos at mag-armas laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Ang rebolusyonaryong sining at panitikan ay bahagi ng pamumukadkad ng isang kultura ng paglaya sa hanay ng kababaihan, at ng buong sambayanan.

Ang pagpapalaya ng kababaihan mula sa mababang katayuan at pananaw ng lipunan ay nakasalalay sa pagpapalaya ng buong bayan. Katuwang ang kababaihan sa pagpapalaya ng sambayanang inaapi. Kabahagi ang kababaihan

sa marahas at madugong pagluluwal ng rebolusyonaryong pagbabago, sa pag-aaruga at pagtatanggol sa mga tagumpay ng mamamayan sa kurso ng pakikibaka, at sa pagpupundar at paghuhubog ng isang lipunang malaya at makatarungan. Sa kasalukuyang panahon, ang kilusan sa pagpapalaya ng kababaihan ay nakapaloob at nagsisilbi sa demokratikong rebolusyong bayan. Ang rebolusyong ito ay hindi magwawagi kung wala ang aktibong paglahok ng kababaihang mula sa uring anakpawis at iba pang aping uri.

ANG MABABANG KATAYUAN ng kababaihan sa lipunang Pilipino ay itinatakda ng sistemang malakolonyal at malapyudal. Doble ang pang-aapi sa kababaihang anakpawis na nakararanas ng mas matinding diskriminasyon sa kasarian, kasabay ng makauring pagsasamantala. Ginigipit ang kababaihan sa mas makitid na oportunidad sa edukasyon at empleyo, kawalan ng karapatan sa loob ng tahanan, higit na limitadong paglahok sa mga usapin sa lipunan, at pagiging biktima ng karahasan at kapabayaan ng pamahalaan.

Ipinalalaganap ng naghaharing-uri ang pyudal at burges na kultura upang lalong pasidhiin ang kaapihan ng kababaihan. Sa kulturang pyudal, kinokondisyon ang kababaihan bilang mahina, sunud-sunuran at kimi. Samantalang sa burgis na pananaw, ang babae ay itinuturing bilang isang kalakal na pandispley, pang-aliw at laruan.

Ang kulturang kolonyal, burges at pyudal ay patuloy na nanunuot sa bawat himaymay ng lipunan, at lalong naggagapos sa kababaihan sa aping kalagayan. Nagtutulungan ang simbahan, masmidya, eskwelahan, at pati na ang institusyon ng pamilya, upang magpalaganap ng kulturang lalo pang nagpapababa sa mababa nang katayuan ng kababaihan sa lipunan. Minamaliit ng bulok na kulturang ito ang kakayahan ng kababaihan, ginagawa silang tampulan ng sisi o katatawanan, habang itinatanim sa kababaihan ang mga kasinungalingan, panlilinlang, at di syentipikong kaisipan gaya ng pag-asa sa swerte sa pera at pag-ibig, pantasya at eskapismo. Bahagi ito ng paninikil sa buong sambayanan para patuloy na mamayani ang interes ng mga imperyalista at burges-komprador sa bansa.

Sanhi ng atrasadong kultura at kalagayang ginagalawan ng mga babae, sila ang mas nakakadama at nakakaranas ng pagsasamantala at pang-aapi.

Sa loob ng tahanan, ang mga babae ay itinuturing na mababang klaseng tao

kumpara sa mga lalake, na pwedeng saktan, dahasin o alipustahin. Mga babae at ina rin ang pumapasan ng bigat kung paano makakaraos sa pang-araw-araw na pamumuhay dulot ng matataas na presyo ng mga bilihin, bayad sa tubig at kuryente, o tuwisyon at baon sa mga anak na nag-aaral.

Sakaling mangibang-bansa naman sila upang maghanap ng pagkakakitaan, nakakaranas sila ng abuso sa amo, lungkot sa pagkakawalay sa pamilya kung hindi man naloloko ng illegal recruiter.

Ang trahedya sa "Wowowee," kung saan halos puro mga ina at lola ang biktima, at ang Subic rape case ay nagpapakita rin ng mukha ng babae sa kahirapan at karahasan sa lipunan.

ANG ISYUNG ito ng ***Ulos*** ay sumasalamin sa halaga ng rebolusyonaryong kultura sa pagpapalaya ng kababaihan. Ang mga akda at dibuho na naririto ay salamin ng realidad ng inaapi at pinagsasamantalahang kababaihan. Makikita rin sa rebolusyonaryong sining ang katunayang lalo pang dumarami ang kababaihang kumikilos upang kalagin ang gapos ng pang-aalipin at pagsasamantala.

Sa mahigit tatlong dekadang pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan, ang kulturang mapagpalaya sa kababaihan ay lumaganap at sumaklaw sa higit na maraming lugar sa bansa at lumikha ng pagbabago sa buhay ng di mabilang na kababaihan, laluna mula sa mga manggagawa, magsasaka, at maralitang tagalunsod. Pinapalalim sa mga sanaysay sa isyung ito ang kasaysayan ng kilusan sa pagpapalaya sa kababaihan at ang Marso 8, ang Pandaigdigang Araw ng Kababaihan.

Ang matinding krisis sa ekonomya ang nagbubunsod ng gutom at kawalan ng tirahan na inilalarawan sa tulang "Barung-Barong" ni Kasamang Reese Maglayag. Sa ilang tula, mabilis na inihahain ang pagkilos at pag-aarmas bilang solusyon sa inilalarawang pyudal na kalakaran. Halimbawa ang tulang "Ang Tagapagsilang" ni Kasamang Sirius: *"Ang kapalaran ko'y hindi itinakda / Talos kong hindi guhit ang mapagpasya / Armas na tangan ay armas ng paglaya."*

Gayundin, matalas na inilalarawan ang kapitalistang pagsasamantala at ang tugon dito ng kababaihan sa "Ina ng Lipunan" ni Kasamang Chynna: *"Sa araw ikaw ay aliping sahuran / Kamkam ng iba ang 'yong pinagpaguran.../ Bumangon ka mula sa dusa't kumilos.../ Di ba't dapat lang armas iyong tanganan?"*

Ang karahasan ng estado at militarisasyon sa kanayunan ay matingkad namang inilalantad ng tulang "Nay Celia," at ng dagling "Rosa Rio" na unang nalathala sa ***Punla***, ang pangkulturang dyornal ng rehiyong Bikol. Sa matingkad na paglalarawan ni Kasamang Vitan sa tulang "Nay Celia":

*Ngunit ang estado ay sadyang marahas*
*Makauring digma pilit inuutas*
*Gabi nang dukutin ka, sa dampang munti*
*At ang mga berdugo'y nagsipagngisi.*

*Tatlong araw na singkad na ang nagdaan*
*At ika'y natagpuan sa may palayan*
*Yakap itong lupang labis mong minahal*
*Maraming pasa, ang bibig ay may busal*

*(May saksak sa leeg, binasag ng punglo ang bungo)*

Sa kabilang banda, ang mahabang kasaysayan ng militansya ng kababaihan ay binubuhay ng awiting "Babaeng Walang Kibo," na ang orihinal ay naisulat sa panahon pa ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ang ganyang militansya ay higit namang pinasisigla ng "Martsa ng Kababaihan."

KARAMIHAN SA MGA AKDANG NASA ISYUNG ITO ay likha ng mga kababaihang aktibista at kadre ng Partido Komunista ng Pilipinas, mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan, at kasapi ng iba't ibang rebolusyonaryo at progresibong organisasyong masa tulad ng Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan o **Makibaka**, sa kanayunan at kalunsuran. Mga kababaihan silang hinubog sa tunggalian ng mga uri, sa mga pag-aalsa at pakikibakang masa, at sa pakikidigmang gerilya at digmang bayan. Sa kanilang mga akda at mismong katauhan ay inilalarawan at isinasabuhay ang rebolusyonaryong kultura na nagwawaksi sa pyudal at burges na mga ideya, kostumbre at kaugalian.

Ang tungkulin ng kababaihan sa pag-oorganisa, pagsusulong ng rebolusyong agraryo at paglahok sa armadong pakikibaka sa kanayunan ay matingkad na inilalarawan sa akda mula sa mga sonang gerilya. Ang mga akdang ito ay buhay na inspirasyon at aral upang mahikayat ang kababaihan na tanganan nang mahigpit ang mga tungkulin sa rebolusyon. Mahalaga para sa pagsusulong ng mapagpalayang kultura ang paglikha



at pagpapalaganap ng mga likhang sining na sumasalamin sa buhay ng kababaihang anak-pawis, at sa aktibong paglahok nila sa pagpapalaya ng buong sambayanan.

Isang lumang tula, ang "Ina Teresa" na isinulat ni Lucia Makabayan noong 8 , ay tungkol sa pagkakanlong ng masa sa hukbo. Nananatili itong makabuluhan sa ngayon dahil sa mahusay na paglalarawan ng mahigpit na ugnayan ng masa at Hukbo:

*Malamlam ang ilaw ng iyong gasera noon,*
*Ngunit antok ng mga kasama'y dagling nagpaalam*
*Kayraming tanong, sabik sa balita.*
*ika mo'y masigla ang pag oorganisa*
*Gawaing iniwa'y itinataguyod ng masa.*

*Sa pagitan ng ating talakayan*
*sa isa mo kaming minamasdan*
*Mga anak na di mo kilalang lubusan*
*Bahagi na ng daloy ng iyong buhay.*

Ang pagsusulong ng isang bagong kulturang pambansa, syentipiko, at makamasa ay lalo pang pinatitingkad ng mga kwento at liham hinggil sa edukasyong masa at gawaing pangkalusugan na ginagampanan ng kababaihan sa hanay ng Hukbo at masa. Mahusay namang inilahad sa "Mapagpasya ang Masa" ang pamumuno ng kababaihan sa pagkilos ng masang magsasaka upang isulong ang anti-pyudal na pakikibaka sa isang kampanyang masa.

Ang mga akda hinggil sa paglahok ng kababaihan sa treyning, taktikal na opensiba at pamumuno sa Hukbo ay tampok sa kwentong "Nagmana sa Ina." Ang mga sakripisyo at kahirapan sa pakikibaka ay matingkad ding inilalarawan sa mga liham, tula at kwento sa isyung ito ng ***Ulos***. Sa mga ito ay makikita ang mahalagang papel ng kababaihan sa usapin ng pag-aanak, at pangunguna sa paglulunsad ng demokratisasyon ng pamilya.

Ang bawat matingkad na paksa at talinghaga na naglalarawan sa buhay at pakikibaka ng kababaihang anakpawis, ay sumasalamin din sa pagkilos at sakripisyo ng libu-libong babaeng rebolusyonaryong nagbuwis ng buhay para sa pagpapalaya ng buong sambayanan mula sa imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Iniaalay ang isyung ito sa mga rebolusyonaryong martir gaya nina Lisa Balando, Liliosa Hilao, Lorena Barros, Puri icacion Pedro, Lourdes Garduce, elyn Dublin, ilomena Asuncion, PS de Leon, Myra Algarme, Mary Gene Dumaplin, Cherith Dayrit, den Marcellana, Arminda Santos, Beng Hernande , ulieta Golimlim, rika Salang at sa marami pang ibang katulad nila.

Sa kanilang pagkilos ay kanilang isinabuhay na ang paglaya ng kababaihan ay makakamit lamang sa pamamagitan ng demokratikong rebolusyong bayan. Ang paglahok ng kababaihan sa rebolusyon ang nagtitiyak ng isang magandang kinabukasan para sa kabataan isang bagong henerasyong mamumuhay sa isang malaya at makatarungang lipunan, gaya ng pagmumuni ng isang Pulang mandirigma sa tulang "Lullabies or the Unborn" Oyayi sa Hindi pa Naisisilang ni Vicenta M. Buena e:

*Sa naglalagablab na himlayan ng ating mga martir*
*inapanday natin ang mga sandata ng ating simulain*
*inag aalab ang pag asam sa isang bagong daigdig*
*Na itinitindig mula sa habi ng tahanan*
*mga alaala ng kamusmusan*
*At mga oyayi para sa hindi pa naisisilang.*

# Ang Tagapagsilang

ni Kasamang Sirius

I Ina

Manlilikha tayo ng isang lipunan
Tagapagluwal ng buhay na inunan
At katuwang rin sa paghuhulma. Ngunit
Inalipusta, sa kahon isinilid
Buhay nami'y nakakulong sa kusina
Nakagapos ang mga kamay sa kama

II Anak

Kami ang nilikha mula sa inunan
Ang siyang mga tagapagbayad-utang
Walang boses, pagkat alipin ng edad
Ang aming kapalaran ay nakasaad
Ginuhit sa palad ang pagkabusabos
Magsilang ng musmos na hikahos

III Makibaka

Ang kapalaran ko'y hindi itinakda
Talos kong hindi guhit ang mapagpasya
Armas na tangan ay armas ng paglaya
Kalasag ay paninindigan sa masa
O babae, mag-aklas: wag pangambahan!
Tayo ang magsisilang ng kasaysayan


MULA SA **MALAYANG PILIPINA**

# Barong-barong

NINA KASAMANG REESE MAGLAYAG



Tagpi-tagpi, giray-giray at iskwater
Bibitin-bitin sa ilalim ng tulay
Tagpi-tagpi, giray-giray at iskwater
Sa pusali't estero din nakasawsaw

Tagpi-tagpi, giray-giray at iskwater
Sa tabi ng mga riles kahilera't
Tila bulok na treng hindi umuusad
Tagpi-tagpi, giray-giray at iskwater

Tagpi-tagpi, giray-giray at iskwater
Tumpok sa paanan ng bundok-basura't
Buntis kahong sa pathwalk nakahandusay
Tagpi-tagpi, giray-giray at iskwater.

# Ina ng Lipunan


ni Kasamang Chynna

Sa araw ikaw ay aliping sahuran
Kamkam ng iba ang ‘yong pinagpaguran
Minsa’y ilaw ng tahanan, bansag sa ‘yo
Ngunit walang laya at inaabuso

Bakit di ka mag-aral at magbalikwas?
Batid mong higit pa ang ‘yong maaambag
Sa pagpapalaya ng kababaihan
Sa pagwawasto ng ating kasaysayan

Huwag kang magpaalipin sa makina
Ika’y tagalikha ng yaman ng bansa
At di ka lang basta ilaw ng tahanan
Babae kang dapat ina ng lipunan

Bumangon ka mula sa dusa’t kumilos
Oras nang baguhin sistemang gumapos
Kung rebo ang tatapos sa kaapihan
Di ba dapat lang armas ang ‘yong tanganan?




# Mulat

NI KASAMANG JANELLE

Atin nang gisingin, iyong kamalayan
Bulok na sistema, dapat na malaman
Ukol sa lipunan, ating pag-aralan
Nang di mabuyo ng mga mapanlinlang.


Wag palilibak sa uring nang-aapi
Matapang na harapin ang mga hamon
Ang proletaryado, hindi magagapi
Sa pakikibaka'y may determinasyon

Interes ng masa, iyong isusulong
Sa pagtatagumpay, ikaw ang tutulong
Ito nang oras ng pagkakapit-bisig
Naghaharing-uri dapat nang maalis



# Ina Teresa

Ni Lucia Makabayan



Bumubungad ka sa alaala
Gaya ng ngiti mo noon sa pagbukas
Ng lumang pintuan.
Magdamag ang apoy sa sulok
Ang nangainip na pira-pirasong saleng
Ay muli mong ginising
Nag-alab ang pagtanggap sa mga kasamang
Inihikab ng gabi.

A, alam mong tantiyahin
Kung ilang tasang kape ang isasalang
Tiyak mong may mga manlalakbay
Magagawi't makikipagkumustahan.
At ipinaalala mo,
"Isandal ang mga riple't iayos ang mga makoto"
Dalawang araw na lakaran
Pihong pahinga ang hanap ng mga pagal na katawan.

Malamlam ang ilaw ng iyong gasera noon,
Ngunit antok ng mga kasama'y dagling nagpaalam
Kayraming tanong, sabik sa balita.
Wika mo'y masigla ang pag-oorganisa
Gawaing iniwa'y itinataguyod ng masa.

Sa pagitan ng ating talakayan
Isa-isa mo kaming minamasdan
Mga anak na di mo kilalang lubusan
Bahagi na ng daloy ng iyong buhay.

Ina Teresa, hindi na napinid ang iyong pintuan
Ngiti kang pumipilas sa isip ng mga kasama
Pagkat bahagi ka ng paglalakbay
Init kang kumukupkop at bumubuhay.

Agosto 1983

# 'Nay Celia, Ikaw ang Tulang Ito

NI KASAMANG VITAN

"Ka Rose nagan ko iti kilusan."[1]

Pinagmasdan ko ang iyong kabuuan
Ang mga kinalyo mong sakong at kamay,
Ang iyong katawan at pangang butuhan
Tanda ba ng iyong uring pinagmulan?

"Higit singkwenta anyos akon."

May narinig ba akong pait sa tinig?
Sadya mo yatang pinagaan nang pilit?
Ah, marahil nga'y nais mong isalaysay
Ang mahigit singkwenta anyos mong buhay.

Walang sariling lupa, baon sa utang
Sako ang tira, pagsapit ng anihan
Paano itataguyod, limang anak?
Kung biyaya ng pinaghirapa'y salat?

"Diak mabalinen nga aghukbon."[2]

May narinig ba akong pait sa tinig?
Pinasaya itong pagbigkas mong pilit?
Ah, marahil nais mong ipahiwatig
Sana'y noon pa kamulata'y naantig

Sana mayroon ka ring sandatang tangan
Sana ay nababagtas bundok at parang
Nakakatakbo sa bawat maniobra
At nagkukumand, bawat sibat at plangka

Ngunit ang estado ay sadyang marahas
Makauring digma pilit inuutas
Gabi nang dukutin ka, sa dampang munti
At ang mga berdugo'y nagsipagngisi.

Tatlong araw na singkad na ang nagdaan
At ika'y natagpuan sa may palayan
Yakap itong lupang labis mong minahal
Maraming pasa, ang bibig ay may busal

(May saksak sa leeg, binasag ng punglo ang bungo)

Naalala ko kadua, iyong sinabi
May tatlong taon na ang nakakaraan:

"Sa pagkilos sa baryo maging huwaran
Ito ang tanging ambag ko sa digmaan
Igupo man ng panahon ang katawan,
Hinding hindi ang aking paninindigan."

---

[1] Ka Rose ang pangalan ko sa kilusan
[2] Hindi na ako puedeng maghukbo

# Lullabies for the Unborn

Ni Vicenta M. Buenafe



In the jungle's heart rests our cathedral
Imposing hardwood trunks thrust from the earth
To support buttresses of leafy boughs
That daily brush an ever-changing sky

Here the cold mist is warmth
The wetness of rain is shelter
Each heartbeat counts as a hundred
Each freedom is farewell

Upon the blazing pyres of our fallen
We temper the swords of our cause
From the flames we draw the ideals of a better world
Built from the textures of home, memories of childhood
And lullabies for the unborn

Ifugao, 1996
Mula sa RAMUT,
dyornal na pampanitikan ng Ilokos-Cordillera, 2003

# Oyayi sa Hindi pa Naisisilang

Salin ni Ting Remontado



Sa puso ng gubat nakatayo ang ating tanggulan
Makikisig ang nara na nakatundos sa lupa
Sumusuhay sa muog ng sangang malalabay
Na araw-araw ay nagpipinta ng langit
na lagi't laging nagbabago ang kulay

Dito, ang ginaw ng hamog ang siyang dapog
Ang halumigmig ng ulan ay kanlungan
Bawat tibok ng puso ang katumbas ay isandaan
Ang bawat paglaya ay pamamaalam

Sa naglalagablab na himlayan ng ating mga martir
Pinapanday natin ang mga sandata ng ating simulain
Pinag-aalab ang pag-asam sa isang bagong daigdig
Na itinitindig mula sa habi ng tahanan
mga alaala ng kamusmusan
At mga oyayi para sa hindi pa naisisilang

# Ka Pinay: Manipesto ng Dakilang Pakikidalamhati

SALIN NI DEY AT TING REMONTADO

Kawad ng kuryente ang pinansakal sa iyo ng mga pasista
sa loob ng banyo ng isang ospital;
Bago iyon ay pinaputukan ka –
isang babaeng wala nang kakayahang lumaban,
pinahirapan kahit makirot na ang tama,
Na kahit walang anestisya ay inoperahan!

Ang lahat-lahat sa iyong buhay
Ay ibinigay mo nang walang pag-aatubili
sa mga magsasaka at manggagawa
sa lahat ng naghihirap at inaapi

Inawitan mo ang masang Ifugao
Babae ka na mula sa syudad
ay dumating upang tumulong
at magsilbi sa sambayanan

Magmula nang dumating ka sa piling ng masa
Isinilang muli ang isang Ifugao
    nakatapis
    tuwali[1] ang wika
    may nganga sa bibig

Ang iyong tuwa at pagsinta
ay tulad ng liwanag ng araw
Ang lahat ng iyong gawin
ay tunay na pagmamahal
    hindi lamang awa
ang mga nakayuko ay ibinangon mo
upang harapin ang kalaban
at bawiin ang kanilang dangal
    at karapatan



At habang napiit ka ng kalaban
gusto nilang pagtaksilan mo
        ang iyong sarili
at ang mga kasama sa hanay ng masa
        na nakikibaka
at sumasalungat sa mga pasista.
Sa halip, matapang mong pinili ang marahas
na pagkitil sa iyong buhay

Sa kamatayan mo, nabuo
di lamang ang tula
kundi ang pagngangalit
        "Hindi namin malilimot
        Hindi ka nila maaaring makalimutan
        ang mga bilin mo ay aming pakikinggan
        para sa pagbawi
        sa kinabukasan!"

---

[1] Tuwali ay isang sub-lengguwahe sa Ifugao; parang Kankannaey o Igorot

Orihinal na nailathala sa wikang Iloko sa Dangadang noong Nobyembre-Disyembre 1977. Si Purificacion Pedro, o Ka Pinay, taga-Laoag, Ilocos Norte, ay sumampa sa NPA. Nasugatan siya sa isang labanan at ikinulong ng mga kaaway. Sa kamay ni Col. Rodolfo Aguinaldo, tinortyur at pinatay si Ka Pinay noong Enero 1976. Si Aguinaldo ay pinarusahan ng kamatayan ng NPA noong Hunyo 19, 2001.

# Sampaguita

ni Lorena Barros



This morning Little Comrade
gave me a flower’s bud
I look at it now
Remembering you, Felix
dear friend and comrade
and all the brave sons and daughters
of our suffering land
whose deaths make our blades sharper
give our bullets
surer aim…

How like this pure white bud
Are our martyrs
Fiercely fragrant with love
For our country and people!
With what radiance
they should still have unfolded!

But sadness should not be
Their monument
Whipped and lashed desperately
By bomb-raised storms
Has not our Asian land
Continued to bloom?

Look how bravely our ranks
Bloom into each gap.
With the same intense purity and fragrance
We are learning to overcome.

# Sampaguita

NI LORENA BARROS (salin)



Ngayong umaga, binigyan ako ng munting kasama
Ng bagong sibol na bulaklak.
Minamasdan ko ito ngayon,
Habang naaalala kita, Felix
Mahal na kaibigan at kasama,
Ginugunita ko rin ang magigiting na mga anak
Ng nagdurusa nating Inang Bayan
Ang kamatayan nila'y
Lalong nagpapatalas sa ating mga sandata,
Lalong nagpapatalas sa ating pag-asinta.

Katulad ng puti, dalisay at sumisibol
Na bulaklak ang mga martir natin,
Buong bangis na nagsasaboy ng pag-ibig
Para sa ating bayan at mga mamamayan.
Gaano pa kaya karangya kung sila'y lubos na bumukadkad!

Magkagayunman, hindi dapat lumbay
Ang maging monumento nila.
Sa kabila ng pananalasa at walang habas
Na paghaplit ng mga sigwang may bomba,
Hindi ba patuloy pa rin sa pamumulaklak
Ang ating bayan dito sa Asya?

Masdan mo kung paanong magiting
Na sumisibol ang ating hanay sa bawat maiwanang patlang.
Kasabay ang lalong marubdob na pagkadalisay at halimuyak
Natututo tayong panaigan ang lahat.

# Ina

NI LORENA BARROS

Ano ang isang ina?
Mayamang hapag ng
Gutom na sanggol
Kumot sa gabing maginaw
Matamis na uyayi
Tubig
Sa naghahapding sugat.

Ngunit ano ang isang
Komunistang ina?
Maapoy na tanglaw
Tungo sa liwayway.
Sandigang bato.
Lupang bukal ng lakas
sa digma.
Katabi sa laban
At alalay sa tagumpay
Ang ina ko.



# Mga Tanaga

## 1. Braso NI SIRIUS

Brasong mapagkalinga
Sa batang umuuha
Brasong magpapalaya
Sa bayang dinalita

## 2. Tanaga NI VITAN

Ang ngalang Maria'y maraming pangalan
Sa pabrika, bukid, baryo at lansangan
Makikita mo sa bawat tunggalian
Maririnig ako sa bawat paglaban



## 3. Bagyo NI REGINA

Sa bitag ng panahon
Sa putik ay nabaon
Hindi na malilipol
Babae ay susulong

## 4. Tanaga 2 NI REGINA

Sa sinapupunan, ikaw ay umusbong
Dulot mo'y pag-asa sa diwang nakulong
Malaon at iluluwal ng panahon
Sabay nating landasin ang rebolusyon

## 5. Rosas ng Digma NI MAHJA

Mga rosas ng digma, puno ng tinik
May determinasyon at naghihimagsik
Kanilang armas ay ang puso at isip
Upang lumaya ang bayang iniibig

## 6. Tanaga NI JEM

Anak, ikaw ay bata
Babae at kasama
Kung ang ina'y pumanaw
Tanganan mo ang tanglaw

## 7. Tanaga NI JANELLE

Sa malalim na dagat
Ang luha mong maalat
O inang nakapiit
Hinagpis mo'y himagsik

## 8. Tanaga NI CHYNA

Nagulantang si Ina
May Army na nakita
"Anak, tumakbo ka na
Mag-ulat sa kasama"

## 9. Babae NI ICY

Komunidad ang una
Tungkulin ko sa masa
Imulat at iorganisa
Hanggang kumilos sila

Pagkat ako'y kabilang
Sa pinagsasamantalahan
Prinsipyong aking tangan
Gawin nang buong husay




# Isang Istorikong Pagtingin sa Paglaya ng Kababaihan sa Pilipinas

ni Juliet de Lima

MALINAW NA MALINAW NG PINATUNAYAN ng katibayang pang-antropolohiya na ang kababaihan ay gumampan ng isang napakamapagpasyang papel sa paglikha ng sibilisasyon. Sa primitibong lipunan, ang kababaihan na mistulang natatali sa kanilang likas na tungkulin ng pagbubuntis, panganganak, at pagpapalaki ng bata ay naging dahilan sa pag-unlad ng pirmihang paninirahan. Kalakip nito ang mga panimulang kaalaman sa agrikultura at paghahayupan kung saan kinailangan din nilang paunlarin ang isang buong serye ng magkakaugnayang pamamaraan kasama na ang pag-iimbak at pangangalaga ng pagkain. Kaya, pinaunlad nila ang mga produktong yaring-kamay,

pagpapalayok at paggamit ng apoy. Ang kababaihan ang nagpaunlad maging sa medisina at mga panimulang kaalaman sa iba pang syensya.

Dahil kolektibong nagtatrabaho ang mga primitibong kababaihan, naging mapagpasya rin sila sa pag-unlad ng wika at pagsasalita. Sinasabing mas nauna ang mga babaylan na naging tagapag-ingat ng kabuuang kaalaman at kasanayan ng sinaunang komunidad kaysa mga mumbaki.

Ang produktibong paggawa ng kababaihan ang mismong panimulang nagpalaya sa kalalakihan mula sa kahirapan ng pangangalap ng pagkain at nagpahintulot sa kanila na harapin ang iba pang larangan ng gawain ng tao. Mula sa pangangaso, nagsimula silang magpaunlad ng pakikidigma, magpatatag ng mga teritoryo, magtayo ng mas malalaking pamayanan at sumulong sa sibilisasyon. Ang simpleng hatian sa paggawa sa pagitan ng mga kasarian ang naglatag ng batayan at nagbigay-daan sa pagkakahati-hati sa uri.

Sa pag-unlad ng sibilisasyon at paglitaw ng mga mapagsamantalang lipunan, nasadlak ang kababaihan sa mababang katayuan kahit pa tuluy-tuloy silang kalahok sa produktibong paggawa.

Papatinding minamaliit o hinahamak pa nga ang kanilang ambag sa produktibong paggawa at iba pang pagsisikap buhat noong panahon ng lipunang alipin, tuluy-tuloy sa lipunang pyudal at hanggang sa lipunang kapitalista.

## Ang mga Istorikong Ugat ng Pang-aapi sa Kababaihan sa Pilipinas

Tulad ng nangyari sa buong mundo, ang mababang katayuan at pang-aapi sa kababaihan sa Pilipinas ay kasabay ng paglitaw ng mga makauring lipunan. Higit sa lahat, ang pang-aapi sa kababaihan ay isang istorikong produkto ng kolonyal at pyudal na paghahari ng Espanya pati ng paghahari ng imperyalistang U.S. at ng mga mala-pyudal o kumprador-panginoong maylupa. Gayunpaman, hindi ito nangangahulugan na nagkaroon sana ng pantay na katayuan ang kababaihan at kalalakihan kung hindi dumating sa Pilipinas ang kolonyalistang Espanyol at imperyalistang US. Nasa proseso ng pagpapaigting ng pagkakasaray-saray ng mga uri ang mga prekolonyal na lipunan sa kapuluan nang dumating ang mga mananakop na Espanyol noong ika-16 na siglo.

Ang mga prekolonyal na lipunan sa kapuluan ay umaabot mula primitibo komunal o pangtribu hanggang mala-alipin at mala-pyudal. Mala-alipin ang karamihan sa mga pamayanang iyon na may populasyong magkakaugnay sa sosyo-ekonomika na bumibilang ng ilang libo hanggang tatlumpung libo na nasa mga pampang ng ilog at baybaying-dagat. Mayroong agrikultura sa palay na kaingin at may patubig at pribadong pag-aari ng mga sakang may patubig. Napakaunlad na sa iba't ibang dako ng kapuluan ang mga produktong yaring-kamay gaya ng paghabi ng tela, paglala ng bayong, pagpapalayok, pagpapanday at paggawa ng bangka.

Kasabay na umiral ng mga maunlad na pamayanang ito ang mga tribo sa kabundukan na primitibo pa ang moda ng produksyon. Nananatili ang karamihan sa kanila sa pangangalap ng pagkain. Nakikipagkalakalan at nakikipag-ugnayan ang mga tribong ito sa mga mauunlad na nakapirming pamayanan.

Sa karamihan ng pamayanan sa mga pampang ng ilog at baybaying-dagat, lumitaw na ang mga uri pero hindi pa ganoong kaigting. Mayron nang mga angkan ng datu na nagmamay-ari ng mga alipin, palayang may patubig, kasangkapang bakal, hayop at bangka. Mayron nang panggitnang uri ng mga malayang mamamayan na may sariling kasangkapan, palayang may patubig, o nakakabahagi ng parte ng ani sa mga kaingin na sinasakang komunal. Mayron ding mga mala-alipin o timawa na naninilbihan o nagbabayad ng tributo sa angkan ng mga datu o malayang mamamayan. Nasa ilalim ng bahagdang pang-ekonomya ang mga alipin na walang parte sa kanilang produksyon pero tinutustusan ng kanilang mga panginoon.

Kolektibong nagtatrabaho ang mga lalaki at babae. Walang mahigpit na pagkakaiba ayon sa kasarian sa ganoong mga gawain pangkabuhayan gaya ng agrikultura at pangingisda. Gayundin, sa pagyayaring-kamay. Sa paghahabi ng tela, halimbawa, kalalakihan at mga batang lalaki ang gumagawa ng ilang proseso. Kahit na sa pagpapanday, ilang proseso ang ginagawa ng kababaihan. Halos magkapantay ang katayuan ng kalalakihan at kababaihan sa pamayanan. Puwedeng maging pinuno ang mga babae at humawak ng matataas na tungkulin tulad ng pagiging babaylan. Mayroon silang pantay na karapatan na mag-ari at magmana tulad ng kalalakihan. Pinagtitibay ang kasal sa mutwal na pagsang-ayon

ng magkapareha at maaaring lusawin ayon sa kagustuhan ng alinmang panig. Walang mahigpit na konsepto o kaugalian na napapailalim ang kababaihan sa kalalakihan.

Gayunman, sa mga lugar na nag-uugat na ang pyudal na kaugaliang Islam at umunlad o nagsimula nang umigting ang pagkakasaray-saray ng mga uri, nakaasa ang kababaihan sa kalalakihan. Laganap ang kalakalakang-alipin. Inumpisahan na ang poligamya at pribadong pag-aari. Umiiral ang isang maunlad na herarkiya ng mga lalaking pinuno sa pulitika at sa relihiyon. Nagsimulang tumatag ang mga pagpapahalagang pyudal-patriyarkal.

Ang pagdating ng mga kolonyalistang Espanyol ang nagtatag ng pyudalismo sa buong kapuluan at nagpabilis sa paglaganap ng kulturang pyudal-patriyarkal na katulad ng mas naunang sinimulang ipalaganap ng mga mangangalakal at nandayuhang Muslim sa ilang bahagi ng kapuluan. Sa loob ng mahigit 300 daang taon ng paghaharing kolonyal, isinagawa ng mga Espanyol ang proseso ng pyudalisasyon sa kapuluan. Nagbunga ito ng unti-unti at sistematikong pagpapababa sa katayuan ng kababaihan kumpara sa kalalakihan. Ang mga kababaihan ang naunang bininyagan ng bagong relihiyon, ang Romano-Katoliko, na naghangad na igapos sila sa mga pambahay at pamparokyang gawain.

Gumanap ng susing papel ang relihiyon sa pagpapalaganap ng pyudal-patriyarkal na ideolohiya. Sa kabalintunaan, ang kababaihang indio ang ginamit ng mga prayle sa pagpapalaganap sa relihiyon. Naging pangunahing pinagkaabalahan ng mga kababaihang nagbagong-loob ang katesismo at pagdarasal. Itinayo ang mga kumbento at kolehiyo para indoktrinahan sa bagong relihiyon ang mga anak ng babae ng mga elitista. Sila ang naging pangunahing katutubong tagapagpalaganap ng mga pagpapahalagang pyudal-patriyarkal. Nilason ang kanilang mga isipan para maging kasangkapan ng mga prayle at tanggapin na mahina at mababa ang kanilang katayuan kaya natural na napapailalim sa kalalakihan sa ilalim ng pamilyang pyudal-patriyarkal.

Sa mga elitista, ang kababaihan ay nahiwalay sa anumang mahalagang nagsasariling papel sa ekonomya. Naririyan ang pormal na edukasyon

pero bukod sa dogmang pangrelihiyon, limitado ang mga itinuturong kasanayan sa kanila sa pagsisilbi sa kanilang kalalakihan maging mga ama, asawa o prayle man.

Gayunman, sa agrikultura, hindi lubos na maihihiwalay ang mga kababaihang magbubukid sa produktibong paggawa. Kasama ng kalalakihan, pasan-pasan nila ang pamatok ng pyudal na pang-aapi. Pero, dumaranas pa ang kababaihan ng ibayong pang-aalipin. Higit sa anak na lalaki, ang mga anak na babae ay pambayad-utang o alilang-sapilitan sa panginoong maylupa at pamilya nila. Hindi ganoong kalaganap ang impluwensya ng mga prayle sa mga kababaihan ng maralitang magsasaka kaysa sa hanay ng mga kababaihang nasa nakatataas na uri. Hindi ganoong katingkad ang pangingibabaw ng kalalakihan sa nauna.

Malinaw na isinaad ng mga batas ng Espanya ang pagpapailalim ng kababaihan sa kalalakihan. Talagang laban sa kababaihan ang mgas batas sa pag-aari. Halimbawa, walang karapatan ang may asawang babae sa ari-arian ng kanyang asawa at pinagbabawalang pumasok sa negosyo nang walang pahintulot ng kanyang asawa. Pinagbabawalan ng iba pang batas ang mga babae na humawak ng pusisyon sa gubyerno. Nito lamang huling bahagi ng ika-19 na siglo pinahintulutan ang kababaihan na humawak ng pusisyong publiko bilang mga guro. Sa mga elitista, ang pagpasok sa kumbento ang tanging mapagpipilian pa nila.

Sa pagtatapos ng ika-19 na siglo, pagkaraan nang mahigit 300 taon ng kolonyal at pyudal na pang-aapi at pagsasamantala ng Espanya, naghimagsik ang mamamayang Pilipino at matagumpay na ibinagsak ang kanilang mga panginoong Espanyol. Sa loob ng buong tatlong daang taon na iyon, nagkaroon ng di mabilang na mga puta-putaking pag-aalsa laban sa kolonyalistang Espanyol hanggang sa ganap na matagumpay na pagsalakay na tinaguriang Rebolusyong Pilipino ng 1896. Gumampan ng papalaking aktibong papel ang kababaihan sa paglaban. Noong Rebolusyong Pilipino ng 1896, may kababaihang nagkaroon ng namumunong papel sa Katipunan, ang organisasyong namuno sa rebolusyon. Mayroon itong seksyon ng kababaihan at ang mga kasapi ng seksyon ng kababaisan ay tuwirang lumahok sa mga labanan o namuno sa mga operasyon upang mang-agaw ng armas mula

sa kaaway. Mulat na lumaban ang mga babae sa kolonyal na pang-aapi, ngunit hindi pa sila mulat na makipaglaban upang mawakasan ang kanilang mababang katayuan.

Binigo ng imperyalismong US ang Rebolusyong Pilipino ng 1896 sa pamamagitan ng paglulunsad ng gera ng agresyon laban sa mga rebolusyonaryong Pilipino at sa buong sambayanan. Bagamat matagumpay nilang napatalsik ang kolonyal na kapangyarihang Espanyol, ang mga rebolusyonaryong Pilipino ay walang kahandaan sa ideolohiya, sa pulitika at sa organisasyon para harapin ang isang modernong imperyalistang kapangyarihan na hindi lamang gumamit ng sobrang nakahihigit na pwersang militar kundi gumamit din ng mapanlinlang na retorikong liberal.

Sa pagkatalo ng mga rebolusyonaryong Pilipino, ikinubabaw ng monopolyong kapitalismong US ang sarili sa pyudal na ekonomya. Itinatag ang malayang kalakalang pinangingibabawan ng US na binubuo ng pagpapalitan ng mga produktong agrikultura at iba pang pangunahing produkto mula sa Pilipinas at minanupakturang produkto mula sa US, na nagluwal ng ekonomyang pangkalakal sa isang pyudal na batayan.

Lumitaw ang komersyanteng burgesya para kontrolin ang mahahalagang pangkomersyong lungsod ng Pilipinas. Gumampan ito bilang mga ahente sa kalakalan at pananalapi ng dayuhang monopolyo at ng mga panginoong maylupa na may monopolyo sa mga lupaing pangunahing pinagkukunan ng mga produktong pang-eksport.

Pinayagan ng sistema ang limitadong kapitalistang pag-unlad at pumasok ang mga dayuhang kapital ng US para paunlarin ang industriya ng pagmimina, bahagyang pagproseso ng mga pangunahing produkto (tulad ng asukal at niyog) at magaan na pagmamanupaktura. Sumulpot ang isang maliit na lokal na uring kapitalista. Pinalaki ng mga industriyang itinayo ng US at ng mga lokal na kapitalista ang bilang ng uring manggagawa na umusbong na noong pagtatapos ng kolonyal na rehimeng Espanyol.

Ang ibayong paglawak ng pyudalismo at pangingibabaw ng malapyudalismo bunsod ng lumawak na padron ng kolonyal na kalakalan

sa pagitan ng US at ng malakolonya nitong Pilipinas ay nagsadlak sa kababaihan sa higit pang pang-aapi at pagsasamantala. Ikinubabaw ang dekadenteng kulturang burges sa pyudal-patriyarkal na kulturang ipinamana ng mahigit na 300 taon ng kolonyal na paghaharing Espanyol. Ang Midyebal at ang mga maka-imperyalistang pagpapahalaga ang naging dalawang pangunahing salik sa himaymay ng kulturang Pilipino.

Ang babaeng Pilipino na nakapailalim sa lalaki sa pyudal-patriyarkal na sistema ay higit na dumanas ng panghahamak sa proseso ng pagiging kalakal sa ilalim ng paghahari ng monopolyong kapitalismong US. Ang mga babaeng napalaya sa parokyal na hanggahan ng asyenda ay naging kalakal sa kapitalistang pamilihan ng paggawa at gayundin sa kalakalan ng laman at dumanas ng diskriminasyon sa ekonomya. Pangkaraniwan na silang pinasasahod ng mas mababa at may mas maliit na oportunidad para sa empleyo.

Sa kabila ng sinasabing panahon ng burges na demokrasya at paglawak ng pagkakataon para makapag-aral ang kababaihan, patuloy na ipinatutupad ang mga batas at kaugalian na may diskriminasyon sa kanila. Ang pyudal-patriyarkal na pananaw sa kababaihan bilang nakapailalim sa kalalakihan–pambahay na nakatalaga para pangalagaan ang tahanan at pamilya–at ang dekadenteng burges na pananaw sa kababaihan bilang kalakal na palamuti at may halaga sang-ayon sa kanilang pagiging kaakit-akit bilang mga bagay na panlalaki ay nagsanib para ipailalim ang kababaihan sa higit na diskriminasyon sa larangang pang-ekonomya. Ang ganito ring mga pananaw ang nagsasabi sa kababaihan na manahimik at batahin ang kanilang mga pagdurusa.

## Ang Pambansa-Demokratikong Rebolusyon at ang Kilusang Mapagpalaya ng Kababaihan

Nakita natin mula sa pagbabalik-aral natin sa kasaysayan na ang pagpapatatag at pagpapatindi sa pang-aapi sa kababaihan sa malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino ay bunga ng kolonyalismong Espanyol at imperyalismong US. Ang mga pwersang ito ang nagdulot ng mga pagbabago sa moda ng produksyon na nagbunga naman ng pagbabago sa istruktura ng lipunan tungo sa mga naghaharing

uri at pinaghahariang uri. Mula rito, naririyan ang mga naghaharing uring kumprador at panginoong maylupa, ang mga pinaghahariang uring mga manggagawa at magsasaka at sa pagitan nila, ang isang panggitnang uri ng mga propesyunal, maliit na negosyante, mangangalakal at ang intelehensiya.

Ang pinaghahariang uri, ang mga manggagawa at magsasaka ang bumubuo nang mahigit sa 90 porsyento ng populasyon; ang mga nakapagitan at panggitnang uri, kabilang ang panggitnang burgesya, ay halos siyam na porsyento; at ang mga naghaharing uring kumprador at panginoong maylupa at kanilang malalaking ahenteng burukratiko ang bumubuo sa natitirang bahagi ng populasyon.

Tumatagos ang kababaihan sa lahat ng mga nabanggit na uri kaya ang higit na nakararaming mayorya sa kanila – mahigit sa 90 porsyento – ay kabilang sa mga pamilya ng inaapi at pinagsasamantalahang uri ng mga manggagawa at magsasaka. Bilang kalahati ng buong bansang Pilipino, dumaranas ang kababaihan ng dayuhang paghahari at pagsasamantala ng imperyalismong US. Bilang kalahati ng pinaghahariang uri, dumaranas sila ng makauring pang-aapi at pagsasamantala ng uring komprador-panginoong maylupa.


Pero bukod sa dayuhan at makauring pagsasamantala at paghahari, dumaranas ang kababaihan ng pang-aapi at pagsasamantala ng kalalakihan. Ang anyong ito ng paghahari ay kapwa dinaranas ng kababaihan mula sa pinagsasamantalahan at inaaping uri at ng kababaihan mula sa mga nagsasamantalang uri.

Kung gayon, dumaranas ang higit na nakararaming mayorya ng kababaihang Pilipino ng tatlong suson ng pang-aapi: ang imperyalistang paghahari ng US. o pambansang pang-aapi; pang-aapi at pagsasamantala ng uring kumprador-panginoong maylupa; at paghahari ng kalalakihan na dinaranas din ng kababaihan ng nagsasamantalang uri.

Tinutugunan ng pambansa demokratikong rebolusyon ang pambansang usapin sa pamamagitan ng pakikibaka para sa pambansang kalayaan at laban sa dayuhang paghahari ng US sa mga larangan ng pulitika, ekonomya, militar at kultura. Kaalinsabay, tinutugunan nito ang

makauring usapin sa pamamagitan ng pagsusulong ng isang programa para sa tunay na repormang agraryo at pambansang industriyalisasyon para palayain sa ekonomya at sa pulitika ang masang magsasaka. Ang paglayang pang-ekonomya at panlipunan ng masang magsasaka ang pangunahing demokratikong nilalaman ng rebolusyon.

Isang natatanging pansin ang ibinibigay ng organisadong pwersa ng pambansa demokratikong rebolusyon sa pag-oorganisa ng kababaihan at pagpapalawak ng kanilang paglahok sa kabuuang pakikibaka ng sambayanan para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Bilang bahagi ng bansang Pilipino at bilang bahagi ng mga inaaping uri, isinasali nila ang kanilang mga sarili sa pakikibakang iyon. Dahil ibinubunga ng dayuhan at pyudal na paghahari ang pagsupil sa kababaihan, ang pakikibaka para sa karapatan ng kababaihan ay karugtong ng pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Pinapalaya ng kababaihan ang kanilang sarili mula sa pang-aapi at umaangat sa kapantay na katayuan ng kalalakihan, sa pamamagitan ng aktibong paglahok sa pakikibaka para ibagsak ang paghaharing dayuhan at pyudal. Sa pamamagitan ng kanilang paglahok, napapaunlad nila ang bukod-tanging lakas at kakayahan para pawiin ang pinakamalalim na nakaugat na mga masamang palagay laban sa kababaihan, hindi lamang sa hanay ng kalalakihan kundi maging sa kanilang hanay mismo. Sa pakikibaka tinatamo ng kababaihan ang isang pagkilala sa taglay nilang kapangyarihan at pinapaunlad ang mga angkin nilang kakayahan.



MULA SA **MALAYANG PILIPINA**

Ang pagpapalaya sa kababaihan ay hindi eksklusibong saklaw ng kababaihan at hindi itinataguyod ng hiwalay sa pambansa-demokratikong rebolusyon. Isang napakahalagang usapin ito para sa rebolusyunaryong kilusan. Habang nakatuon ang kilusan ng kababaihan sa pagkakamit ng mga partikular na karapatan at kagalingan ng kababaihan sa loob ng rebolusyonaryong kilusan at sa labas nito, pangunahing layunin ng kilusan ng kababaihan ang pagpapabagsak sa mga materyal na batayan ng pang-aapi sa kababaihan, na sa partikular na kalagayan ng Pilipinas ay ang imperyalismong US at pyudalismo.

Mayroong isa pang aspeto sa kilusang mapagpalaya ng kababaihan na bunga ng katotohanan na ang paghahari ng kalakakihan ay tumatagos sa lahat ng uri sa lipunan. Ang usapin ng mga karapatan ng kababaihan at ng pagkakapantay-pantay ay may potensyal na pagkaisahin ang kababaihan mula sa lahat ng uri sa isang pakikibaka na puputol sa mga ugat ng sosyo-ekonomikong sistema na nagpalaki sa paghahari ng kalalakihan.

Gayunman, hindi dapat palabuin ng potensyal na ito ang pangangailangang gagapin ang linyang makauri sa kilusan mapagpalaya ng kababaihan. Dapat nating kilalanin na mula sa hanay ng kababaihan ng mga naghaharing uri pinakamalalim na nakaugat ang nagtutunggaling kultura ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino.

Bilang bahagi ng pambansa-demokratikong kilusan, may proletaryong bag-as ang kilusan ng kababaihan sa Pilipinas. Binubuo ang bag-as na ito mula sa hanay ng mga pinaka-abanteng elemento ng uring manggagawa at kababaihan ng uring manggagawa. Ang pagbubuo ng proletaryong bag-as ng kilusan ng kababaihan ay tungkulin hindi lamang ng kababaihan kundi ng buong kilusan.

Alinsunod ito sa pagkilala sa katotohanan na ang proletaryado ang namumunong uri sa pambansa demokratikong rebolusyon at sa kasunod nitong hinaharap na pakikibaka para maitatag ang isang tunay na pantay-pantay at demokratikong lipunan na magtitiyak sa kapayapaan, kasaganaan at kaunlaran para sa lahat ng kasapi nito.

Ang proletaryong bag-as ang nagtatayo ng batayang alyansa ng kababaihan ng uring manggagawa at kababaihan ng uring magsasaka. Higit pa, idinadagdag nito sa batayang alyansa ang kababaihan mula sa mga panggitnang uri para maging bahagi ng mga batayang pwersa ng pambansa demokratikong rebolusyon, na kumakatawan sa obhetibong interes ng buong mamamayan, kasama na ang sa 90 porsyento ng kababaihan.

Napakahalagang tungkulin ang pag-oorganisa at pagpapakilos sa kababaihang magsasaka hindi lamang para sa kilusan ng kababaihan kundi maging sa buong pambansa demokratikong kilusan. Magsasaka ang higit na mayorya ng kababaihan. Binubuo nila ang halos 75

porsyento ng kababaihan sa bayan. Kasunod nito, nakabilang naman ang mayorya ng kababaihang magsasaka sa maralita at panggitnang saray ng uring magsasaka. Nasa mga saray na ito ang diin ng pag-oorganisa at pagpapakilos.

Ang mga organisador, kasama ang kalalakihan ay nagpunyagi sa pag-oorganisa, pagtuturo at pagpapakilos sa kababaihang magsasaka sa iba't ibang baryo. Napakalaki ang naiambag ng mga organisasyong naitayo na sa pagsusulong ng pambansa demokratikong adhikain.

Pinaunlad ng kababaihang magsasaka ang sarili tungo sa isang pwersang pampulitika mula sa antas baryo pataas. Nagsasagawa sila ng mga kampanya sa edukasyon at sa organisasyon upang itayo ang kanilang mga organisasyon, naghahapag sila ng kanilang mga posisyon sa mga usapin at tinitiyak nila na may sapat na kinatawan ang kababaihan sa mga organisasyon ng mamamayan. Nakikibaka sila para sa demokratikong karapatan ng kababaihan at kaalinsabay na nagsisikap na pawiin ang mga di makatuwirang kaugalian, batas at iba pang kalagayang nanghahamak sa kanila.

Mahigpit na kumikilos ang mga organisasyon ng kababaihang magsasaka kaagapay ng mga organisasyon ng magsasaka upang igiit at ipatupad ang tunay na reporma sa lupa, gayundin ang pagpapalaki ng produksyong agrikultural. Naglulunsad din sila ng mga proyektong pangkalusugan, pangkagalingan at pangkultura.

Naninindigan ang mga organisasyong ito laban sa mga pwersang militar sa kanayunan at sa mga karahasan at pang-aabuso ng militar. Naging napakahusay ang organisadong hanay ng kababaihang magsasaka sa paglalantad at paglaban sa mga pasistang kampanya ng terror sa ilalim ng rehimeng Marcos at ng bagong rehimen na hindi nagpahinto sa ganitong mga kampanya at sa halip ay tuluy-tuloy na pinaigting ang ganitong mga kampanya.

Galing sa uring manggagawa o sa pamilya ng uring manggagawa ang pangalawang pinakamalaking grupo ng kababaihan; binubuo nila ang halos 15 porsyento ng kababaihan. Sila man ay inoorganisa at pinakikilos upang



MULA SA **MALAYANG PILIPINA**

harapin ang kanilang mga problema sa kani-kanilang komunidad; upang harapin ang mga partikular na isyung pangkababaihan na kinakaharap nila at lumahok sa pangkalahatang pakikibaka ng sambayanan.

Binubuo ng kababaihan mula panggitnang uri ang siyam na porsyento ng kabuuang populasyon ng kababaihan pero isang napakahalagang bahagi sila sa pambansa demokratikong kilusan at sa kilusang mapagplaya ng kababaihan. Mataas ang kanilang pinag-aralan, mahusay magsalita at ginampanan nila ang isang napakahalagang papel sa pagtatayo ng isang pambansang lambat ng mga organisasyong pangkababaihan. Ikinawing nila ang mga sarili sa kababaihan na kabilang sa masang anakpawis upang iambag ang lakas nito sa kanilang lakas.

Naging isang makapangyarihang pwersa ang kababaihan para sa rebolusyonaryong pagbabago. Habang sumusulong ang pambansa demokratikong kilusan, parami ng parami ang lalahok na kababaihan. Sa paglahok at pag-aambag sa tagumpay ng kilusan nililikha nila ang batayang mga kondisyon para sa kanilang ganap na paglaya at mas malaking ambag sa kaunlarang panlipunan.

Ngunit ang pagwawakas ng dayuhan at pyudal na paghahari ay hindi awtomatikong magbubunga ng lubos na pagkakapantay ng kababaihan sa kalalakihan. May tunguhing patuloy na linangin ng mga atrasadong elemento ng lipunan ang masamang pagtingin sa kababaihan na malalim na nakaugat sa kasaysayan. Gayunpaman, napawi na ang pinakamalalaking balakid sa pagpapalaya at pagkakapantay ng kababaihan sa kalalakihan at maaari nang buong sigasig na ipaglaban ng kababaihan ang kanilang mga karapatan sa tuluy-tuloy na pakikibaka para sa ganap na transpormasyon ng ating lipunan tungo sa isang lipunang tunay na malaya, demokratiko, makatarungan, maunlad, masagana at mapayapa.

# ANG KWENTO NG MARSO 8

ni MIRA LEDESMA

NOONG IKA-19 NA SIGLO, PANAHON NG REBOLUSYONG PANG-INDUSTRIYA, namayani ang di makataong kondisyon sa mga pagawaan. Nariyan ang mababang pasahod at 12 oras na pagtatrabaho. Ang mga ito ang nagtulak sa mga manggagawa upang maglunsad ng mga kilos-protesta sa lansangan.

Ang kauna-unahang kilos-protestang inilunsad ng kababaihang manggagawa ay naganap sa lansangan ng New York. Karamihan ay nagmula sa pagawaan ng tela o garment workers. Daan-daang kababaihan ang lumahok dito at sa pag-atake ng mga pulis, marami sa kanila ang nasaktan at inaresto. Naganap ito noong Marso 8, 1857.

Noong Marso 8, 1908, umabot sa 15,000 kababaihan ang muling nagmartsa sa lansangan ng New York. Hiniling nila ang maikling oras na pagtatrabaho, sapat na sahod, karapatang bumoto at pagtigil sa paggamit sa mga batang manggagawa. Dito ginamit ang islogan na “Bread and Roses” (Tinapay at Rosas), kung saan ang tinapay ang simbolo ng pang-ekonomyang seguridad at ang rosas naman ay sumisimbolo sa mas mabuting kalidad ng pamumuhay.

Mayo 1908, kinilala ng Socialist Party of America ang huling linggo ng Pebrero bilang National Womens’ Day upang hindi maging kabawasan sa araw ng pagtatrabaho. Kaya Pebrero 28, 1909, ipinagdiwang ang Pambansang Araw ng Kababaihan sa US. Tumagal ito hanggang 1913.




Noong 1910, sa Copenhagen, Denmark nagkaroon ng pandaigdigang kumperensya ang mga sosyalistang organisasyon o ang

tinatawag na Pandaigdigang Kilusan ng Manggagawa. Iminungkahi rito ni Clara Zetkin, isang sosyalistang Aleman at lider-manggagawa, na kilalanin ang araw ng kababaihan bilang Pandaigdigang Araw ng Kababaihang Manggagawa.

Taong 1911, sinimulang ipagdiwang ang Pandaigdigang Araw ng Kababaihan sa iba't ibang bansa gaya ng Austria, Denmark, Germany at Switzerland. Marso 19 ng taong ito, naglunsad uli ng kilos-protesta ang kababaihan. Kanilang hiniling ang karapatang bumoto at lumahok sa parliyamento, ang karapatang magtrabaho at paglaban sa diskriminasyon sa mga pagawaan.

Marso 25, nasunog ang Triangle Shirtwaist Co., sa New York. Namatay dito ang 140 kababaihang manggagawa na karamihan ay mga batang Italyana at mga migranteng Hudyo. Nang sumiklab ang sunog, marami ang hindi nakalabas dahil sa pagkakandado sa kanila sa oras ng trabaho. Ang ilan ay tumalon sa bintana na kanilang ikinasawi. Tinawag nila itong Triangle Fire. Nilahukan ng mahigit 100,000 mamamayan ang funeral march ng mga nasawi sa sunog.

Bilang bahagi ng pakikibaka para sa kapayapaan noong World War I, sa kauna-unahang pagkakataon ay ipinagdiwang ng kababaihan sa Russia ang Pandaigdigang Araw ng Kababaihan noong huling linggo ng Pebrero 1913. Sumunod na taon, Marso 8, naglunsad ng mga kilos-protesta ang kababaihan sa iba't ibang bahagi ng Europa bilang pagbibigay suporta sa kababaihan ng Russia at pagtuligsa sa giyera.

Di man pinahintulutan ng pamahalaang Ruso, noong huling linggo ng Pebrero 1917, naglunsad pa rin ng kilos-protesta ang kababaihan na tinawag nilang "Bread and Peace." Nagprotesta sila laban sa pagtaas ng presyo ng bilihin, tanggalan sa pagawaan at sa giyera.

Pagkaraan ng apat na araw, Pebrero 23, sa kalendaryong Julian, pinahintulutan na ang kababaihan na bumoto. Marso 8 naman ito sa kalendaryong Gregorian na kasalukuyan nating ginagamit.

Taong 1922, sa tulong ni Clara Zetkin, kinilala ni Lenin ang Pandaigdigang Araw ng Kababaihan bilang Communist Holiday. Ganun din ang China at ang iba't ibang bansa sa Europa. Pagkaraan ng World War II, tanging ang mga sosyalistang bansa at organisasyon ang




nagpatuloy sa padiriwang ng Pandaigdigang Araw ng Kababaihan. Tumagal ito hanggang 1960s sa tinatawag na panahon ng "Cold War."

Disyembre 1977, tinangkilik ng United Nations General Assembly ang Marso 8 bilang United Nations Day for Women's Rights and International Peace. Gayunpaman, usapin lamang ng gender ang binigyang halaga sa pagdiriwang ng naturang araw. Isinantabi ang makauri at makasaysayang kahulugan nito bilang araw ng kababaihang manggagawa.

Marso 8, 1971, sa pamamagitan ng isang kilos-protesta laban sa kahirapan, unang ginunita ang araw ng kababaihan dito sa Pilipinas. Pinangunahan ito ng Katipunan ng Bagong Kababaihan (KATIPUNAN). Nasa pamumuno ito ng MAKIBAKA na binubuo ng mga nanay mula sa maralitang lunsod at kabataang estudyante kasama ang Kabataang Makabayan – Women's Bureau at SDK o Samahan ng Demokratikong Kabataan. Naglabas sila noon ng pahayag na lumabas sa isyu noong Marso 8, 1971 ng Manila Times. Pinamagatan itong "RP Women Join Liberation Front." Karamihan sa mga kasapi nito ay nag-andergrawnd matapos ideklara ang Batas Militar noong 1972.

Marso 1983 muling ipinagdiwang ang militanteng paggunita sa araw ng kababaihan ng Kilusan ng Manggagawang Kababaihan (KMK). Noong 1984, nakilahok dito ang GABRIELA. Sa kalukuyan ay pinangungunahan ng GABRIELA, isang alyansa ng mga organisasyon ng kababaihan mula sa hanay ng manggagawa, magsasaka, maralitang lunsod at kabataang estudyante, ang paggunita sa araw ng kababaihan.

# Mapagpasya ang Masa

ni Kasamang Jem



LUPA, NAHUHULOG NA LUPA SA AKING HUKAY. Inililibing ako ng buhay!

Pasipa akong bumangon, hah… hah! Ay salamat. Bangungot lang pala iyon. Punung-puno na pala ako ng lupa sa mukha, pinagpag ko. Bakit kasi busog na busog ako nang natulog ako kagabi. Kinabkab na lupa at pinatag mula sa pampang ng isang dalisdis sa bundok na dumudungaw sa Baryo Maragdaw ang pisikal na poste naming mga pultaym na aktibistang masa. Madilim pa, pero alas-kuwatro na ng umaga. Kung sa mga kauban[1] sa Hukbo, oras nang alerto, ng SOP.

Sumisipa rin ang nasa tiyan ko. Masakit na medyo namamanhid ang balakang ko. Teka, ano nga bang petsa ngayon? Tiningnan kong muli ang relo ko: Hunyo 24. Natatawa akong nagtiklop ng banig at malong, inayos ko muli ito sa shoulder bag at ibinalik sa pagkasapin-sapin ang mga dahon ng pako, tagbak at anahaw na nagsilbi kong kutson at unan.

Tingnan mo nga naman, manganganak na nga pala ako sa linggong ito. Nasa aksyong masang ilulunsad kasi ang isip ko.

Hinimas ko ang tiyan ko. Mahinang kinantahan ko ng awit si Baby na paborito ng kanyang ate na dalawang taong gulang, ang "Mundong Kinagisnan":

"Bukas makalawa tayo'y lalaya
Sa mundong kinagisnan . . .
Paggising ko man sa umaga't
Ika'y wala na, sa isip
ay nakaukit ang pagsinta."

Pumintig-sagot si Baby sa ilalim ng aking pusod.

"Ok, baby, babanat tayo sa araw na ito. Lalaban tayo sa malakas at mabangis na panginoong maylupa. Kaya huwag ka munang malikot at maiistorbo ang Nanay ha? Matatalo ang masa, sige ka."

Narinig ko ang tawag ni Ka Domie, ang kalihim sa sangay. Nagdatingan din ang mga taga-komite, si Ka Myra, Ka Roger at iba pa, nego panel at CO sa Milbay[2] na si Ka Tirso.

"Mainit na salabat at kamote, Ka Tess. Dapat kumain ka ng marami ngayon dahil baka abutin tayo ng tanghali o buong araw. Alalahanin na dalawa kayo ng baby mo na dapat kumain. Magagalit sa amin si Ka Jim kung mapapaano ka at ngangawa din iyung mga medikal kung di ka kakain sa oras."

"Salamat, Ka Domie. Sinisikap kong di makalimot sa pag-alaga sa sarili at sa bata," hinigop ko ang mainit na salabat at kinagat ang mas mainit na kamote. "Pero ang focus ko ngayon ay ang pagtatagumpay natin sa aksyong masa."

"Kuyawa nimo, Ka Tess. Pagpanganak mo dapat ipangalan natin kung babae Derek para sa DRK[3] o Agreb[4] kung lalaki! Mantakin mo, paglabas ng bata me plakard na!"



At natapos namin ang almusal na nagtatawanan.

"Tayo na. Naghihintay na ang mga kasama sa balangay at mga bisita sa benyu."

"Tayo na! Laban!" Masigla kaming lahat pababa patungong baryo. Masigla ding sumisipa si Baby.

Ang planong aksyong masa ay para sa pagbawi sa pagka"usufruct"[5] with option to sell ng Certiticate of Land Ownership (CLOA) ng 13 pamilyang magsasaka na inayunan at pinirmahan sampung taon na ang nakalilipas. Parang prenda-rimata tuloy ang aming mga niyugan, na kung hindi namin mabayaran ay mawawalan kami ng lupa. Nadiskubre namin sa pagdugtong-dugtong sa panlipunang pagsisiyasat na niloko kami.

Paano 'yun? Batid ni Don Manolo Co na sa sangkahig santukang kalagayan naming mga nagpirma sa kontrata, hindi kami makakabawi sa aming CLOA matapos ang 10 taon. Maaagaw na ni Don Manolo ang 13.8 ektarya, may panganib pang palayasin kami sa aming lupang kinokoprasan at pinagpaguran ng 25 taon.

Iniisip ko pa lang ito, habang inihahanda ang mga kuwentada, ay sumusulak na ang dugo ko sa posibilidad at realidad na ito. Ang pakikibaka namin para sa aming lupa ay mahigit dalawang dekada na, panahon pa ng FFF, Batas Militar, ni Cory hanggang ngayon kay GMA. Dahilan din si Don Manolo sa pagsampa ni Jim, asawa ko, sa Bagong Hukbong Bayan.

Pumunit sa pag-iisip ko ang tinig ni Ka Tirso, CO namin sa Milbay, "Bay, handa na ang nego panel. Nandito na ang mga taga-Asosasyon ng Magsasaka sa Kaniyugan. Dumating na ang mga taga-media na inimbitahan nating kumober sa akmas[5].

"Pero sa bahay daw ni Don Manolo ay maraming militar."

"Ilan?" kinakabahan kong tanong.

"Iskwad. Isang M60, dalawang M203, at apat na M14. Ang iba ay M16 na lahat."

Ang pagdating ni Ka Tirso, dala ang pinakasariwang report sa seguridad, ang katapusang inilakip namin sa preparasyon namin sa steering committee para sa akmas. Si Ka Miguel na tserman ng Balangay ang nagseguro sa mga papeles, pagplastar sa mga kalahok; si Ka Roger sa pagsasanay at rehearsal sa nego panel; si Ka Ella bilang sesentro sa midya at nasa Asosasyong ligal at mga bisitang grupong suporta.

Isinama namin sa preparasyon itong report sa Milbay. Pinaulit namin ang attendance check sa lahat ng dumalong masa, praktis ng nego, pagpapakinis at pagpapatibay ng kwentada at papeles, tactic sessions, mga teknikal na paneguro sa pagkain, oras, sasakyang kariton at kalabaw, at katapusang check sa mga pakat sa seguridad ng Milbay.

"Handa na ba tayo?" sigaw ko. Alas 8:00 na at mainit na ang araw.

"Handa na kami!" Sigaw-balik ng maraming tinig, nag-echo pabalik ang dagundong ng mga tinig – tatlong daan at mahigit pang tinig ng mga sabik na magsasaka. Lahat ng kasapi ng Balangay ay narito at may kakaibang sigla sa hanging idinarating galing sa mga iwinagayway na mga bandera at istrimer na sumisigaw ng "LUPA PARA SA MGA MAGSASAKA!", "BAWIIN ANG LUPANG INAGAW!" "TANGGALIN ANG MAPANLINLANG NA USUFRUCT & OPTION TO SELL[7]!"

Nakangiti kaming lahat nang biglang mahawi ang mga masang nag-aakmas. "Ka Tess, militar!" bulong ni Ka Tirso.

Lumingon ako sa kalsada na nagsisilbing boundary sa lupa naming binabawi at sa teritoryo ni Don Manolo Co.

At ganoon nga, papalapit sa aming naka-single file na nagmamartsa at dressed-to-kill ang isang iskwad ng 25$^{th}$ IB ng Philippine Army. Walang mga nameplate sa uniporme nilang patig.

Ngunit kilala sila ng ilang milbay na nagsisilbing mga marshall. "Ka Tess, si Sargeant Valencia. Iyung naka-masinggan," sabi ni Ka Tirso, mula sa pasa ng marshall. Pagkasunod ng pasa niya ay nagkomand siya pabalik sa marshall, "pasa-bilis, iplastar kapitbisig ang mga nego panel at mga marshall. Mag-ingat sa gilid ng mga militar, isang plangka ng lima tutukan si Valencia kung magpaputok ay agawin ang mga armas, unahan siya para hindi magpaputok ang tauhan niya! 12 lang sila, 300 tayo. Kami ang bahala sa mga masa!"

Sabi ko, "kakausapin natin ang mga militar." "Nego panel ang bahala, ayon sa napraktis. Relax lang." Ngumiti ako. "Katapusan lang iyan kapag papuputukan tayo at mag-aaresto!" kalma kong dagdag, pero kumakabog ang dibdib ko't nanlalamig ang tuhod ko sa takot. May kainitan na kasi ako, bilang kalihim ng sangay at lalo na't si Ka Jim ay nabunyag nang sumampa sa BHB.

Ani Ka Domie pabulong, "mas mabuting nasa gitna ka ng hanay at papaligiran ka ng milbay." Awtomatik na uminat ang milbay sa pormasyong C, palibot sa 25th IB at may lima sa kanila din ang pasimpleng dumikit kay Valencia. Si Valencia, mataba't maitim, di makita ang leeg, de-bigote, naka-balanggot na patig na parang astang Rambo pero mas mukhang kontrabida sa sine. Nangingilid sa itim-sa-nikotinang labi ang isang istik ng Marlboro na humarap sa mga hanay, "Putang 'na, ano'ng gulo ito? Sinisira niyo ang peace and order ng Maragdaw! Mabuti pa, tumigil na kayo at baklasin ang mga kubo ninyo! Umuwi na kayo!"

Matapang na sumagot si Ka Roger, ang pinuno ng nego panel at presidente ng Asosasyon, ng "Sarhento, hindi kami manggugulo. Tahimik at mapayapa kaming naririto dahil sa aming pinag-isang aksyon para mabawi namin ang aming mga CLOA na 25 taon na naming sinasaka. Si Don Manolo Co ang aming inaasahan at hindi kayo. Bakit nga pala kayo narito?"

Hindi nakaimik si Valencia pero hawak pa rin nang mariin ang masinggan. Nababalisang tumingin sa malawak na masang nasa harapan nila. Isip-isip niya, "Tangina! Rakrakan man namin 'tong mga lintik na ito, sa dami nila, makapatay man kami, makakaya din kaming dumugin

ng mga ito't mamatay. Maagawan pa ko ng armas. Tapos kakasuhan pa ako at made-demote!"


Nakaisip siya ng teknik para matuwa si Don Manolo. Umatras siya sa kalsada at sumenyas sa mga tauhan niyang sumunod na pa-single line sa gilid ng daan papunta sa lupang hindi na sakop sa binabawing 13.8 ektarya.

Sigaw ng pasista, "Dito tayo mag-usap! Sinong lider niyo?"

Sa kabilang ibayo ng kalsada, kumunot-noo ako, anong taktika ito? Sinutsutan ko sina Ka Roger, Domie at Myra na nasa steering committee, "'Wag kayong tatawid!" nang aaksyon silang lumapit kay Valencia.

"Bakit, tama naman, a. Mainit na dito sa kalsada, doon e malilim," sagot sa akin ni Ka Myra.

"Huwag kayong magpalansi! Hindi na sa atin doon, wala na tayong karapatan doon at gagamiting eksena ito nila Valencia at iba-ibang mga goons ni Don Manolo na arestuhin o kaya'y barilin tayo. Tapos itsa-charge tayo ng "trespassing" o kaya "illegal entry," wika ko. "Dito tayo sa ating teritoryo, bayaan ninyo silang magngangawa sa kabila ng kalsada. Maging alerto at huwag luwagan ang hanay," dagdag ko pa.



Nagtinginan sila at tinignan nila sila Valencia sa kabila. Itinuloy ko ang instruksyon.

"Singilin niyo si Valencia sa papel nila. Ihanda ang papeles mula kapitolyo. Ka Domie, ikaw ang magsektor sa mga pasista. Pagdating ni Don Manolo, si Ka Roger at si Ka Myra. Tapos si Ka Ella, nakasentro sa midya, seguraduhing makukunan ng litrato at ma-tape ang negosasyon, ma-25th IB man o ma-Don Manolo pa. OK ba mga kasama?"

Matapos nito ay bumalik sa kanilang puwesto ang mga matitinik na ubod ng nego panel.

"Dito! Dito kayo sabi mag-usap!" tahol ni Valencia.

Sinagot ito ni Ka Domie, kapita-pitagang boses ng aming kalihim. "Hindi. Dito sa aming banda kami makikipag-usap. Kayo ang may pakay, kayo ang lumapit. Di kami pauuto. Mga tuso kayo, alam naming gusto niyo kaming patawirin diyan sa rendero, diyan sa erya ng amo mo. Para ano? Para arestuhin kami? Ano ba kayo? Para ba kayo sa peace and order o para sa gulo? Sarhento Valencia, kilala kita kahit wala kang name plate. Manindigan ka naman para sa karapatang pantao naming mahihirap!"

Binaba ang nguso ng barrel ng masinggang karga-karga ni Valencia. Nagsunuran din ang ibang mga armas ng iskwad ng $25^{th}$ IB.

Humirit pang muli ang magiting naming aktibista. "Humingi kami ng tulong sa opisina ni Gobernadora, na bigyan kami ng pagtatanggol sa aming seguridad na baka kami i-harass. Sa katunayan ay may kopya kami noon dito, pinirmahan ni Gob," sabay labas ni Ka Myra sa papel.

Nag-klik ang camera ni Ka Ella na kahit mainit ang araw ay gumamit ng flash. Nakalingon bigla si Valencia at mga sakop.

"Sino 'yan? Bakit ako kinodakan! Akina 'yan!"

Tangkang agawin ang camera nang magtaas ng palad si Ka Domie. "Taga-Mindanao Bulletin 'yan Sarhento at naririto rin ang taga-DXHM mula sa kapitolyo para i-kober ang pagbabawi ng mga magsasaka sa kanilang mga sertipiko ng lupa."

Natigalgal si Valencia, kinuha ang cellphone at nanawag sa malayo. Pagkatapos nawala siya sa hanay ng mga puno ng mga sawkige.[8] Di naglaon bumalik din si Valencia pero bilang escort ng panginoong maylupa at ng badigard nito.

Si Don Manolo Co ay kahawig ng sarhento, maputi nga lang. Lumolobo



ang tiyan, balbasin at umaamoy tabako sa pipa niya.

Lumapit na rin sila Don Manolo sa hanay namin, patawid sa banda ng aming erya sa kalsada. Humanda at isinaayos ang mga nego panel, ngunit nasa posisyon pa ring pa-C ang mga milbay.

Unang nagsalita si Valencia. "Tumawag ako sa aming hedkuwarters at kay Gob. Inireport ko na peaceful naman kayo. Hindi niyo na kailangan ng depensa. Kayo pala iyung nagrequest sa amin." At ikinabit na ni Valencia ang name plate niya sa bulsa ng kanyang patig.

Naghalakhakan ang mga tao. "Kayo pala iyung hinihintay naming security? Ay salamat na lang Sarhento. Tama ka. Di namin kayo kelangan."

Si Don Manolo naman ngayon ang nagsalita, basang-basa sa pawis. "Hindi ako magpapaligoy-ligoy pa. Ibibigay ko ang mga lupa niyo kung babayaran niyo ang kinuha niyong kuwarta sa akin, o katumbas nito sa kopra o mais tuwing magpipisar  o magsa-sanggi. Kung hindi niyo mababayaran ay hindi ko ito ibibigay, ang CLOA at ang paggamit ng lupa ay mananatiling akin.

Sumagot si Ka Roger ng Asosasyon. "Ibibigay niyo ito dahil tapos na ang taning ng kontrata. Malaki na ang kinita mo sa mga niyog namin habang kami rin ang nangangaret hanggang nagtatapa nito para sa 'yo sa murang suweldo, nagtanim nitong mga niyog at nagmentina hanggang ngayon.  Iyang tinutungtungan mo, Don Manolo, ay kami ni Mang Tibo at Nang Godeng ang nagtanim ng niyog 18 taon na ang nakakaraan. Namatay na lang silang hindi natamasa man lang ang disenteng pamumuhay. Kaya ibibigay mo ito dahil handa kaming mamatay para ito'y mabawi."

Gaga-munggo na ang pawis ng Don. "Pero pumirma kayo na payag kayong kunin namin itong lupa kundi kayo makabayad!"

Sagot muli ni Ka Roger, "Hindi kami marunong umingles, at ginamit mo ito para linlangin kami sa pagpirma! Kung hindi mo papawalang-bisa ang bahaging iyan ay kakasuhan ka namin ng pandaraya sa mga pampublikong dokumento. Dahil hindi iyan puedeng patunay na ibinenta namin sa iyo ang lupa."

Napanganga ang panginoong maylupa. Tumingin sa parang dagat ng mga sunog-sa-araw na mga mukha ng mga magsasaka, bumaling ulit siya sa tatlong nego panelist na nakatayo.

"Trese lang na pamilya kami, Don Manolo. Pero ang buong baryo at ang lahat ng mangangaret hanggang magtatapa ay sumusuporta sa amin. Umaasang ibibigay mo ito bilang pagkilala sa pag-alaga namin sa lupain mo at sa pagyaman mo."

Biglang may lumapit na tauhan ni Valencia at bumulong sa kanilang CO. Namutla si Valencia at nag-iikot ang tingin sa paligid. Di nakatiis, nilapitan ang Don at binulungan.

"Don Manolo, ibigay mo na ang mga CLOA, pirmahan na ang mga kasulatan. Baka hindi natin matantya ang seguridad mo. May intel report na may NPA daw sa burol."

Namutla parang suka ang Don, sumisigaw. "Sige, sige. Papayag na ako. Pero sa akin kayo magpipisar ng kopra ha?"

Umalingawngaw na naman ang hiyawan at tawa ng kagalakan at tagumpay. May sumigaw: "Mabuhay ang Masa!"

At iyun nga, mga kaibigan, ang kasaysayan kung paano namin nabawi ang CLOA. Pero may dugtong pang kuwento.

Papaalis na sana si Don Manolo at Valencia nang bigla silang bumalik. "Bakit ang gagaling ninyo? Para na kayong mga abogado. Siguro may NPA dito, hano? Nasaan si Tess? Naririto siguro siya ano?

Sipa, sipa, sipa nang sipa. Umiikot si Baby sa loob ng tiyan ko. Masakit.

Inikutan at tinabingan ako ng mga milbay. Naipit tuloy ang tiyan ko. Malamig ang aking pawis. Sa tension ko, napautot ako.

Sumingaw hanggang nakaabot kay Don Manolo at Valencia ang halimuyak. "Pweeh! Ang baho, putang 'na! Wala na siguro kayong kinakain kundi kamote. Makaalis na nga!

Matagumpay na natago ako ng mga milisya.

Humalakhak pa sa tawa ang mga kasama pagluwag sa hanay ng milbay, ngunit tumigil nang makita nila ang aking mukha, pawisan at nakangiwi sa sakit na nagsabi, " Tagumpay tayo, tagumpay ang DRK, mga kasama! Mabuhay! Ngayon, puede bang ako naman ang i-aksyong masa niyo? Hu-hu-hu! Sakit ng tiyan ko!"

"Bakit?" Nablangko pero nag-aalalang inalalayan ako ni Ka Myra.

" Manganganak na ako."

"Ayyy…! Dali mga kasama! OK mga milbay, plastar."

"Nasaan ang kariton, ang kalabaw? Isakay natin si Ka Tess!"

"Sus kahit saan, ano at kailan, akmas talaga tayo!"

---

[1] Kauban: kasama
[2] Milbay: milisyang bayan
[3] DRK: Demokratikong Rebolusyong Katilingban, Demokratikong Rebolusyon ng Bayan
[4] Agreb: Agraryong Rebolusyon
[5] akmas: aksyong masa
[6] Usufruct: ang karapatang gamitin ang lupa ng isang partido sa isang takdang panahon.
[7] Option to Sell: Isang patakarang mapagsamantala at sabwatan ng mga panginoong maylupa at rural bank o Land Bank na ang halaga ng utang ng may-ari ng lupa ay iyun din ang halaga ng lupa niya kung bibilhin.
[8] Mababang puno

# ROSA RIO

NI KA OPHELIA



MULA SA **PUNLA**
REHIYONG BIKOL

NAKATANAW lamang siya sa malayo. Halos di siya tumitinag sa kaniyang kinauupuang papag sa may banggerahan. Tila malayo ang nilalakbay ng kaniyang diwa pero naaaninag sa kaniyang mukhang pinakulubot na ng panahon at sa tuwina ay may ngiting masisilayan sa kanyang mga labi na pinaputla na ng mga tagtuyot at mga tag-unos. Matitipid na ngiting hatid ng ilang masasayang alaala ng nakalipas.

Ngunit minsan nama'y kumukunot ang kaniyang may mga guhit nang noo. Kumukunot. Tila may biglang naaalala o di kaya'y may pilit na inaalala at binabalikang mga bakas ng nakaraan.

"Rosa Rio! Rosa Rio! Halika't takbuhin mo muna ang pansaing doon sa ilaya. Rosa Rio!"

Bigla siyang napatayo. Parang isang paslit na naalimpungatan at kumaripas ng takbo papalayo. Mabilis ang naging kilos para sa kaniyang uugud-ugod nang katawan.

Medyo mahina na pero madalas mautusan si Rosa Rio ng mga kasambahay. Kuwento nga nila, "'Yan si Rosa Rio, may diprensya 'yan pero masipag."

Nakasanayan nang makita ng mga tao si Rosa Rio na tuwi-tuwina ay nagwawalis ng mga tuyong dahon sa bakuran. Dahan-dahan ang pagwawalis, tuluy-tuloy, masinop at walang dahong di nasasapol. Minsang pakanta-kanta, pasayaw-sayaw sa saliw ng isang kundimang di matalos ang titik. Pahintu-hinto. Nakakapanindig balahibo ang kalungkutang pinahihiwatig ng himig.

Paulit-ulit ang gayong tagpo, mula sa pagsikat ng araw hanggang sa muling matiyak na malinis na ang bakuran, muli siyang uupo sa papag. Maghihintay muli. Bigla lamang din siyang napapatayo tuwing kumakahol ang mga aso sa malapit na kabahayan.

"Hayan na ang mga kasama," paanas niyang sambit. Pinakikinggan niya ang mga kasama, muli nang nakikipahinga at nakikituloy sa mga bahay-bahay. Mga armado. Mga luma't bagong mukha, mga datiha't bagong sampa sa kilusan.

"Lahat sila'y nasa rurok ng kasiglahan at lakas. Mga iginagalang na nakatatanda, magagalang at mababait na bata," sambit ng mga tagabaryo.

Mahuhusay magpropaganda. Masiglang nakikipagtalakayan hinggil sa mga samu't saring usapin — sa ugat ng paghihikahos at papatinding krisis sa ekonomya at pulitika. Nagpapaliwanag at nanghihikayat sa dumadaluyong na rebolusyon. Lumalahok sa produksyon. Magagalang, mahinahon makipag-usap. May ilan din na pilit pero nagsisikap magsalita sa lokal na diyalekto; mga makikislap na mata'y mag-aapoy sa tuwing nagkukuwento tungkol sa mga pakikibaka ng rebolusyon; nagdidilim sa tuwing nababanggit ang palalong kaaway.

Hinihintay ni Rosa Rio ang kanilang pagdaan. Inaasahang tutuloy ang mga ito sa kanilang munting dampa.

Minsan nagsisidatingan din ang mga tenante sa dating asyenda. Mga tatay, nanay, kabataan. Ilalabas ang lawanit at tsok. Magpupulong, mag-aaral. Laging masigla ang mga talakayan. Di lumiliban sa gano'n si Rosa Rio. Madalas na nasa isang sulok lamang siya, pasilip-silip. Tila nahihiya pero nagmamasid. Matamang nakikinig sa mga usap-usapan at biruan. May gumuguhit na lumbay sa kaniyang mukha tuwing magpapaalaman na. Laging parang may inaalalang katulad na tagpo sa kanyang nakaraan.

Mga larawan ng karahasang nakaukit na sa kaniyang alaala nang pagbabarilin ang mga kasama ng mga sundalo sa gitna ng maisan. Saksi siya sa pagdanak ng dugong dumilig sa tigang na lupa ng kanilang baryo. Nakubkob sila ng kaaway, nabuwal ang ilang kasama at pagkaraan ng trenta minutong putukan, pinagpistahan ng kaaway ang mga baril at pak ng mga kasama.

Mula sa tarangkahan, tumambad sa kaniyang paningin ang kagimbal-gimbal na tagpo nang kaladkaring parang kalabaw ang isang kasamang di pa tuluyang nalagutan ng hininga. Pilit itinayo ang lupasay na nitong katawan. At di pa nakuntento ang mga hayop, pinagtatadyakan ng mabibigat at mapuputik na kombat ang lasug-lasog na nitong katawan.Umalingawngaw ang halakhakan ng mga demonyong militar sa saliw ng nakapangingilabot na daing ng kasamang naghihingalo.

Kasabay ng pagpanaw ng kaniyang mahal na kasama at asawa ang pag-agos ng mainit na dugo sa kanyang mga binti. Papalubog na ang araw at ni hindi man lamang nakasilip ng katiting na liwanag ang kanilang panganay. Niyakap na lamang ni Rosa Rio ang karimlang naghatid sa kaniyang kawalang-malay.

"Nay! Nay Rosario, magandang araw po! Kumusta na po kayo?"

Bahagya pa siyang nagulat nang iabot ang kamay ng isang babaing mandirigma. Batang-bata. Maganda at matamis ang ngiti. Umupo ito

sa kaniyang tabi. Tuluy-tuloy ang tulo ng pawis sa namumula nitong mga pisngi.

"Galing po kami sa maisan, tinapos po namin ang paghahasik!" Tuluy-tuloy ang kuwento ng kasamang babae hanggang bumuwelo na rin ng pakikinig at pasagut-sagot si Rosa Rio.

Pagkalipas ng ilang saglit, maririnig ang boses ng isang bata at matandang babae mula sa dampa sa may burol. Nagsasalitan. Umaawit ng isang napakagandang rebolusyonaryong kundiman.

Mula sa Punla, litfolio ng Bikol
Hulyo-Disyembre 1998

# NAGMANA SA INA

NI ISAY



Habol-hininga at naliligo sa pawis ang mga kasamang nagpasan ng mga suplay paakyat sa napakatarik na bundok. Kailangan ang mga suplay para sa ilulunsad na mahalagang aktibidad.

Sa kampo, abalang-abala ang mga kasama sa paghahakot ng kahoy, at pagtatayo ng kusina at iskulhaws. Inihanda naman ng iba ang malawak na parang na isang mahalagang salik sa ilulunsad na gawain.

Marami-rami ang mga kasamang lalahok mula sa dalawang larangang gerilya. Nakita ko ang paghahanda nila para sa pagsasanay. Nakahanda na ang kanilang jogging pants, botas t-shirt at bitamina. Higit sa lahat, inihanda nila ang kanilang mga sarili at ang kanilang determinasyon para sa isang buwang treyning sa pol-mil.[1] Ito ang unang beses na ako'y

mapapabilang sa mga kagawad na magbibigay ng treyning. Nagdadalawang isip pa ako dahil hindi ko pa gamay ang magiging takbo ng gawain. Pero naisip ko namang may steering com[2] na tutulong para maging masinop, mabunga at mataas ang kalidad ng pag-aaral.

Alas-4 ng madaling araw, kailangan nang bumangon, magligpit at maghanda lalung-lalo na ngayon ang unang araw ng pagsasanay. Prttt… HUMANAY! Ito ang sigaw na umalingawngaw sa maginaw na hamog. Madilim-dilim pa ang langit at maingay ang mga kuliglig, pero naramdaman at narinig ko ang mga tanong at pagdadalawang-isip ko sa papel na gagampanan ko sa treyning.

"Makayanan kaya nya eh babae lang naman siya?" biro ng isang IL[1] na nakalimutan ko ang pangalan. Nagtinginan at nagbulungan ang ilang lalaking kasama. Nagpanting ang aking tenga. Naging hamon ito para lalo ko pang paghusayan ang paggampan sa tungkuling nakaatang sa akin.

Hindi ko pinalampas ang bawat pagkakataon para makipagtalakayang-buhay sa mga kasama, upang lalo pang magkakilanlan at magpalitan ng mga karanasan. May konsultasyon din para matiyak kung tumimo sa mga kasama ang mga aralin. Madalas ang mga biruan na nagbibigay-kulay sa samahan ng mga kasama. Kung minsan, may mga biro din namang may ibang pakahulugan. Mayroon ngang mga biro na nagiging hamon sa ating pagkilos, ang iba naman ay nagpapahiwatig ng tagong diskriminasyon ng ilang kasama. Matapos ang ilang araw, nagpulong ang steering com para sa mga pagbabago sa kurikulum, pagpapa-unlad ng proseso ng pagtuturo at mga gawain sa buong araw.

At sa hindi inaasahan, biglang nagkaputukan.

"Pak..pak..prerrk prrrekkrkrk Bang bang!" Pinatahimik nito ang huntahan ng mga kasamang nagpapahinga. "Abe, kalaban sa alas dose plangkahan!... Bilis!" Mabilis na tinanggap ang aking kumand ng mga platun lider hanggang iskwad lider. Pagkapasa, mabilis na kumilos ang mga kasama dala ang kani-kanilang baril at pak. Nanguna pa nga sa bilis si kasamang Em-em, isang babaeng kombat medik, sa pagtakbo tungo sa direksyon ng kumand.

Matapos ang pagpapakilos ng pwersa, may kasama mula sa steering com na nagdeklara: "Pormal nating ipinaabot na ang lahat ay isang dry run lang. Sinasanay nito ang kahandaan natin sa mga gipit na kalagayan; hinahasa nito ang ating disiplina, higit sa lahat, sa pagsunod sa kumand…" Hindi ito agad-agad na naintindihan ng iba, dahil parang kalokohan at panggugulat lang daw. Pero sa kalaunan ay tinanggap rin nila ito. Sa sumunod na araw lang ay kinanta pa nga nila:

Ang Pulang hukbo ay laging nakahanda,
Laging nakahanda sa pakikibaka…

Umupo ako sa ilalim ng isang malaking puno habang pinagmamasdan ang mga kasama na sa kabila ng pagod ay nakukuha pa ring magbiruan at magtawanan.

Nadaplisan si Ka Em-em ng mga biro ni Ka Jay-ar, isang timlider. "Ang galing talaga ni Em-em! Maliksi at mabilis tumakbo! Ngumiti siya, at matamis na ngiti rin naman ang iginanti ni Em-em. Paghanga ang tono ng kasama at hindi birong pakutya.

Matapos ang dry run at ilang linggo ng pagsasanay, napagtanto ko na unti-unti kong napulot at napatibay ang kumpyansa sa sarili, lalo na sa paggampan ng tungkulin sa treyning. Sa mga kwentuhan at biruan ng mga kasama, naramdaman ko namang nagbabago na rin ang pakikitungo ng mga kasama sa bawat isa, lalo na sa usapin ng kasarian. Mahirap naman talagang baklasin ang mga impluwensya ng kolonyal, burgis at pyudal na kulturang kinalakhan natin. Hindi madaling pawiin o burahin nang lubusan ang diskriminasyon sa kababaihan sa kaisipan ng lahat. Hindi ito awtomatikong nawawala sa pagsapi sa Hukbo o sa kilusan. Pero habang sabay-sabay na tinatahak ang rebolusyonaryong landas, tiyak na nag-aalab at nagiging matibay ang samahan ng mga kasama, anuman ang kasarian.

"Oy, nasa kalagitnaan na pala tayo ng ating kurikulum," sabi ni Ka Diego na kakolektib ko.

"Ano ang kurso natin ngayon kasama?" tanong ni Ka Jay-ar.

“Markmanship, at kailangan doble ingat,” sagot ko. Tumango lang siya.

“Pakihanda na lang ang mga gagamitin para sa mga exercise sa pagbaril. Kunin mo lang sa ilalim ng tarima ko,”ani Ka Diego.

Nakahanda na ang lahat ng gagamitin. Handa na ang bawat tim at handa na rin ang mga exercise. Nariyan ang cut points,aiming bar, triangulation, ang pagamit ng BRASS (Breath, Release, Aim, Slack, Squeeze o Fire + Follow Through).

Pinakaaabangan at kinasasabikan ng mga kasama ang exercise sa aktwal na pagpapaputok. Masayang-masaya sila dahil sa unang pagkakataon ay makakapagpaputok sila nang may prosesong susundin. “Ang proseso sa pamamaril ay tulad ng kadena. Kung ang kadena ay mapuputol, hindi magiging epektibo ang prosesong ito.”

“Sus, nakatama kaya yun?” tanong ng CO ng platung Abe.

“Hindi ko na halos makita ang target!” sabi ng isang kasamang babaeng medyo may edad na.

“Ngayon pa lang ako nakapagpaputok! Siguradong hindi tumama ‘yun!” sabi naman ni Leng.

“Sige lang, ganyan talaga yan dahil bago pa lang tayong nagsasanay. Kung sa ngayon dumaan tayo sa hirap, bukas magiging madali na lang ito sa atin. Kung hahakbang agad tayo sa mataas na antas, hindi tayo magiging bihasa nyan. Sabi nga ng isang Pulang mandirigmang si Tzu Theh:

> “Sa pagsasanay, dadaan tayo sa madali tungong komplikado. Ibig sabihin, kung sa ngayon hindi tayo nakatama, baka sa susunod tamaan na natin. Kung ako ay dating ordinaryong mandirigma, ngayon ay inaatasan na ako ng mga gawaing komplikado.”

Biglang naputol ang aming diskusyon nang humahangos na dumating si Ka Ben. Akala mo’y may hinahabol! Ow! Ang totoo pala’y hinahabol

siya ng mga kasama dahil dala nya ang resulta ng firing. Sabik ang mga kasama na malaman ang resulta.

"Opsss! Opss.. sandali lang, dahan-dahan lang para di tayo magkagulo."

"Jason,eto ang score sheet mo, Ver, Joy, Kit…" hanggang naibigay ang lahat. Kanya-kanyang upo sa tabi. Ang iba ay napailing, ang iba naman animo'y nababahala, ang iba'y sumisilip sa katabi, habang nakangiti naman ang iba pa. Biglang lumapit si Ka Rona sa akin, nakangiti at iniabot sa akin ang papel na dala niya." "Oww! Ang yabang! Porke ba nakadalawang bullseye ka!" sabi ko.

Binigay ko naman sa kanya ang aking score sheet,sabay ngiti . "Wow…grabe triple 10! Hindi yata nagbuhat ng mabigat dahil ayos pa rin ang pulso!"pagbibiro nya.

Magkasabay kaming napalingon sa direksyong pinagmulan ng matitinis na tawanan ng mga babaeng kasama. "Hahaha! Yes, nakatama kami sa bullseye!" nagpakendengkendeng sila sa saya.

Nagkatinginan kami ni Ka Rona at pabiro kong nasabi:

"Hmmm, mukhang nagmana sa mga ina.."….

"Sa pagkendeng?" ani Ka Rona.

"Hindi! Sa pagbaril!"mabilis kong sagot. Sabay kaming tumawa nang malakas.

---

[1]Treyning sa pol-mil – o Batayang Kursong Pagsasanay sa Politiko-Militar (BKPPM)
[2]Steering com- steering committee, pamatnugutan ng aktibidad

# LITRATO SA PITAKA



HINDI NA GANUN KASAKIT…" namalayan na lamang ni Sona habang nakatanaw sa mga bukirin. Hindi na ganun katindi ang di maintindihang kirot sa dibdib na siyang laging dahilan ng kanyang mga luha.

Dumadagan pa rin ang kirot na ito sa mga sandali bago siya matulog at sa pagdilat ng mata sa madaling araw. Hindi pa rin nya makayanan ang pagtigil sa mga lugar kung saan sila'y magkasamang kumilos sa mahabang panahon. Tulad ngayon.

Sariwa pa sa kanyang alaala ang mga gawi ni Ninoy noon – paglilinis ng baril, pagliligpit, paglalambing habang walang nakatingin. Ngayon, laging nagtatanong ang mga anak ng masang minsang naihabilin sa kanila: nasaan na ang kanilang Angkol? Habang ang mga magulang nama'y nakikiisa sa kanyang dalamhati.

Dinukot nya ang kanyang pitaka at maingat na kinuha ang litrato at sulat na halos gulanit na sa katutupi at sa hindi mabilang na patak ng luha. Taon na mula nang mamatay si Ninoy sa isang reyd sa katabing larangan. Naipadala pa ni Ninoy ang sulat para sa kanya noon, may tagubilin para sa pagsunod ni Sona sa kanila. "Kontakin mo si Kas Roel. Siya ang mag-aayos ng sasalubong sa iyo... Mag-iingat ka lagi… Mahal na mahal kita…" Ngunit hindi na sila nagkita.

Hindi na matandaan ni Sona kung sino ang nagsabi ng mga pangyayari sa kanya. Ang malinaw nyang naaalala ay ang bigat ng natanggap na balita. Alam nya namang totoo ito pero ayaw nyang paniwalaan. Napakahirap tanggapin ng sakit na para bang lumulunod sa kanya. Gusto nyang tumakbo, at hanapin si Ninoy para patunayang hindi totoo ang mga balita.

Nakaamba pa rin ang mga luha makalipas ang labing-dalawang buwan, pero tumitingin na lang siya sa malayo, humuhugot ng malalim na hininga, at nawawala din ang kirot. Trabaho agad ang kanyang iisipin. Pinagmasdan nya ang litrato. Sinundan ng daliri ang anyo ni Ninoy. Itinupi ang sulat at kasabay ng labis na kalunguktan ay isinilid ang pitaka sa weystpak.

Ngayon ang dating ng bagong sampa. Iskedyul nilang magmiting ngayon para sa pagpaplasta ng kanilang gawain. Bumalik siya sa posting at sinalubong ang kauban ng isang malaking ngiti.

"Almusal, Kas!" tawag ng kauban.[1]

"Litson ba ang ulam? Ba't naman ang laki ng ngiti?" pabirong tanong ni Sona.

"Mas masarap pa sa litson ang ginamos[2] na may sili at may kasama pang sulat!"

Kinuha ni Sona ang inabot na sulat. Natawa siya sa sigla ng kauban. Alam nya kung kanino ito nanggaling. Isang kauban na nagpasampa sa kanya. Isang mahusay na kauban na makisig rin naman . Ngunit may

patlang pa rin sa kanyang puso. Hindi pa siya handa. Hindi nya alam kung kailan siya magiging handa.

Binasa nya ang pangungumusta at mga balita sa sulat. Napangiti na lang siya sa di mapigilang ngisi ng kaharap. Umupo siya at kumuha ng pagkain.

Nang dumating ang bagong sampa nagsimula silang magmiting. Maraming napag-usapan at napagplanuhan ngunit matamlay pa rin siya at waring tagamasid lamang.

Hapon nang dumating ang masang humahangos.

"Kas, manganganak na si Nining! Pwede niyo ba siyang tulungan?"

"Kanina pa?"

"Oo, kaninang madaling araw pa! Umalis kasi ang komadrona, ang mananabang!"[3]

Nagdesisyon ang grupo na pumunta sa manganganak. Maraming okasyon nang nakapanabang si Sona habang kumikilos sa kanayunan. Magkasama sila ni Ninoy noon sa isang mahirap na panganganak, pati ang bata ay inasikaso nila. Hindi man lang sila nagkaroon ng kahit isang anak. Isang anak na sana'y magdadala ng katauhan ni Ninoy.



Gabi na nang dumating sila sa bahay ng masa. Nang makita sila ng asawa ng babae, mistula itong natauhan. Bumalik ang listo sa pag-aasikaso sa pinakuluang tubig. Nakaupo at nakakapit sa bintana ang buntis upang hindi matumba. Bakas ang pagod sa butil-butil na pawis ng buntis.

Agad na kinausap ni Sona ang babae. Inalam nya ang kalagayan at pinanatag ang kalooban ng buntis, at pati na rin ng

dalawang kasamang namilog ang mata sa nasaksihan. Pinahiga ang pasyente at kinapkap ang laki ng tiyan at paghilab nito. Malapit na, pero may isang oras pa siguro, isip ni Sona.

Tumagal ang pagpapaanak. Lumalim na ang gabi. Bakas na rin ang pagod sa dalawang kasama sa kabila ng interes nila sa nagaganap.

"Matulog muna kayo. Gigisingin ko kayo kapag lalabas na," banggit ni Sona. Hindi nagdalawang isip ang dalawa.

Maghahatinggabi nang maging sunud-sunod ang paghilab. Hindi na nagawang gisingin ni Sona ang dalawang kasama dahil agad nang lumitaw ang ulo ng sanggol. Nagising sila sa iyak ng bata. Isang malusog na iyak, na parang naiinis sa biglang lamig ng paligid. Lalaki. Walang timbangan pero tingin nya'y tama lang ang bigat nito. Kumpleto ang mga daliri. Pangit, tulad ng lahat ng bagong silang. Hindi napigilan ni Sona na idampi ang kanyang pisngi sa sanggol bago ito iabot sa ina.

Tinapos ni Sona ang trabaho. Pinalabas ang inunan, tinanggal ang basang kumot at damit saka pinalitan ng tuyo. Tuyo at malinis ngunit marupok at gulagulanit na damit ang ibinalot sa sanggol at sa kanyang ina.

Ibinigay ni Sona ang bata sa dalawang kasama para linisan ito. Namimilog pa rin ang kanilang mga mata sa nasaksihang panganganak. Ngunit napalitan ito ng labis na tuwa sa bata. Binalikan naman ni Sona ang inang naluluha sa pagod. Nanginginig pa raw ang kanyang mga tuhod. Tumabi sa kanya si Sona. Isinandal ng batang inahan ang kanyang ulo sa balikat ng kasama at agad syang nahimbing. Hinayaan ni Sona na makapagpahinga ang ina habang sya'y sumandal naman sa dingding. Hindi nagtagal ay nakaidlip rin siya.

Naalimpungatan si Sona sa sakit ng leeg sa kinatulugang posisyon. Ang nabungaran nyang tanawin ay ang labis na galak ng amahan na nakatitig sa kanyang sanggol. May nakahaing pagkain sa kanilang paanan.

"Kain na, Kas," pabulong na sambit nito.



Sabaw ng manok. Siguradong pinaggastusan ito para sa bagong ina, at lalo na sa mananabang. Nagtinginan ang mga kauban. Sabay silang kumuha ng kanin at sabaw. May unawaan na kumuha lamang ng sapat. Mas kailangan ito ng nanay.

"Ba't konti lang kinain nyo?" singil ng amahan.

"Kumain na kami bago pumarito," mabilis na tugon ng bagong sampa.

Nagpaalam sila at bumalik sa posting. Inalok silang magpalipas ng gabi ngunit tumanggi sila dahil masyado itong malapit sa daan.

"Babalik rin kami bukas," sabi ni Sona. Nagbilin sya sa ama tungkol sa pag-aasikaso sa bagong panganak at sanggol. May inabot na nakalukot na pera ang lalaki. Kinuha ni Sona ang isang papel at ibinalik ang sobra.

"Ito lang ng ginastos namin para sa inyong asawa. Ipampapalit lang namin sa mga nagamit para sa iba pang mangangailangan."

Magaan ang kanilang mga paa pabalik. Ngunit pagdating sa posting ay agad din silang nakatulog dahil sa pagod.

Madilim pa nang gumising si Sona. Bumabalik ang mga umagang sila'y magkasama ni Ninoy. Minsa'y nauuna siyang gumising, minsan nama'y si Ninoy. Ngunit naging madalas na tuksuhan kung sino ang unang babangon.

Hindi rin natiis ni Sona at siya'y bumangon. Pumunta siya sa may pintuan at umupo sa hagdan. Pinagmasdan nya ang mga kasama, katabi ang mga anak ng masa sa maliit na payag. Maliwanag ang buwan, pero nag-aagaw na ang dilim at liwanag.Tumayo siya at tumungo sa maliit na bungtod[4] sa likod ng bahay. Dinig nya ang mga kaluskos ng mga bagong gising sa loob ng bahay. Tanaw nya ang laro ng kulay sa langit–itim, asul, pula, kahel–hanggang sa ganap na sikat ng umaga. Unti-unti nyang napansin ang pagpapalit ng init mula sa lamig.

Hindi napigilan ni Sona ang lumuha. Wala na si Ninoy, hindi na siya babalik. Mga karanasan na lamang ang naiwan. Naririto pa rin ang bungtod, ang masa, ang mga kauban. Naiwan ang mga prinsipyong dahilan ng kanilang pagkakilala, at siyang nagpatibay sa kanilang pagmamahalan. Lahat ng ito ay mga dahilan para patuloy na kumilos. Sa lahat ng ito'y naging bahagi si Ninoy.

Kahit naluluha, pumuslit ang ngiti dahil sa kasiyahang ngayon lang nya naramdaman sa buong taong ito. Binuksan nya ang weystpak. Laking gulat ni Sona nang makitang napakagulo ng laman nito. Nakalimutan pala nyang ayusin pagkatapos ilabas ang mga gamit para sa pagpapaanak. Nawala ang mga laman ng pitaka – mga barya at iba pa. Ngunit hindi nya ito inintindi at hinanap ang iisang sadya. Hinanap nang hinanap pero wala na ito. Isa-isa nyang inilabas ang laman ng weystpak at pitaka. Wala talaga. Nagsimula siyang mataranta. Bumalik ang mga luha. Asan na? Napansin nya ang sariling masuyong boses at napatigil. Tumanaw si Sona sa malayo at huminga nang malalim.

Titigil na siya sa paghahanap.

Pangiwi syang ngumiti kahit namumugto ang mga mata.

Pinahid ni Sona ang mga luha at natawa sa hindi napansing sabay na pagtulo ng sipon. Gusto nyang humagalpak pero baka mabahala naman ang mga kasama. Tumayo na lang sya at bumalik sa bahay. Naabutan nya ang mga kasama na nakikipagbidahan ng kwento sa masa tungkol sa nakalipas na gabi. Hinain ang ginamos na may sili.



"Almusal, Kas!"

---

1 Kauban-kasama
2 Ginamos – bagoong isda
3 Payag- kubo
4 Bungtod-burol

# SA NGALAN NG INA AT ANAK NG REBOLUSYON



"Anak, dito lang muna kayo ni Kleng Kleng kina lola, ha? Aalis kasi ako, babalik na ako sa pagtulong sa mga tao. Pakabait ka, alagaan mong mabuti ang kapatid mo."

"Iiwanan mo na naman ba kami? Kagaya noon na ang tagal mong umuwi?"

Natulala ako sa sinabi ng aking anak at naghagilap ng isasagot sa kanyang tanong.

Nang umagang iyon ay nag-aayos ako ng pak dahil kinabukasan ay babalik na ako sa larangan. Ilang buwan na rin akong natigil dito sa amin matapos kong isilang ang pangalawa naming anak. Nalilimita ang aking gawain at tila lumiliit ang aking mundo. Ginawa ko na ang pag-aalaga ng bata, paglilinis ng bahay, paglalaba, at kung anu-ano upang

may pagkaabalahan pero naiinip pa rin ako. Ang mga anak ko na lang ang nagpapanatili sa akin dito.

Mabuti na lang at nakadalaw ako sa aking yunit nung isang linggo. Napakainit ng pagsalubong nila sa akin. Tuwang tuwa ako, nakita ko na namang muli ang mga kakolektibo ko. Hinahanap-hanap na raw ako ng masa sa erya, lagi akong kinukumusta. Kelan daw babalik ang kasamang napakatamis ngumiti at napakagaling gumamot.

Tuwang tuwa rin ako sa pagdating ng aking mahal na asawa. Kinumusta niya ang mga anak namin. Isa sa mahalagang dahilan ng pag-uusap namin at ng pagdalaw ko ay ang pag-aayos ng pagbalik ko at pag-iiwanan ng aming mga anak.

Maraming pagtatalo sa aking isip at damdamin. Minsan, sumasagi pa rin sa akin na mas mainam kung ako mismo ang mag-aalaga sa aming mga anak dahil baka hindi sila maalagaan nang husto ng ibang tao kahit pa ito kapamilya o mga kasama't masa. Sa kabilang banda naman, ayoko rin namang mapabayaan ang aking gawain bilang Hukbo. Nahihirapan akong magdesisyon. Pero sa tulong ng mga kasama at masa at mahigpit na suporta at pagpapaunawa sa akin ng aking asawa, nagdesisyon kaming ipagkatiwala na sa organisayon ang pag-aalaga sa anak namin. Umuwi ako sa amin bitbit ang desisyong bumalik na sa aking yunit at ipwesto sa aking ina sa aming baryo ang aming mga anak.

Naayos ko na ang gamit ko. Paglabas ko ng kwarto nasa sala ang aking ina, karga si Kleng Kleng, ang bunso kong anak. Nasa tabi niya ang panganay ko, si Jun Jun at sa likod naman nya si Ka Berting, ang kalihim ng Sangay ng Partido sa aming baryo.

"Nay, iiwan ko muna si Kleng Kleng at si Jun Jun sa inyo. Kailangan ko na kasing bumalik sa trabaho."

Nakatitig lamang sa akin ang aking ina, hindi kumikibo. Tila binabasa ang aking mukha. Kinabahan ako, sa loob-loob ko baka nagbago ang isip ng aking ina.

"Kaya mo na ba anak?"

"Opo, kayang kaya ko na. Ilang buwan na rin ang pahinga ko."

Tumitig syang muli sa akin. Tila inaalam ang katiyakan at katatagan ng mga sinasabi ko. Maya-maya, biglang nagliwananag ang kanyang mukha.

"Sige anak, humayo ka na, kailangan ka na ng mga kasama dun," nakangiting sabi ng aking ina.

"Maraming salamat, inay," masayang tugon ko sabay yakap sa kanya.

"Teka, teka, baka maipit si Kleng Kleng," nag-aalalang sabi ni inay.

"Oopss! Oo nga pala, pasensya na anak," sagot ko sabay halik sa pisngi ng aking anak.

"Pero nay, kaya pa po ba ninyong alagaan ang aming mga anak?" Alam naming hindi na kayo kasinlakas ng dati at may inaalagaan din kayo. Bukas naman kaming ipaalaga sila sa ibang mga kasama sa baryo kung hindi nyo na kaya," nag-aalalang sabi ko.

"Wag kang mag-alala anak, napag-usapan na namin yan ng Sangay dito at napagkaisahan naming pagtutulungan namin ang pag-aalaga sa inyong mga anak. Ituturing silang mga anak ng mga kasama dito," paliwanag ng aking ina para maalis ang aking pag-aalala.

"Oo nga, Ka Anna, wag kayong mag-alala ni Ka Jigo, aalagaan naming mabuti ang inyong anak maging ang iba pang anak ng mga kasamang ipagkakatiwala sa amin. Tungkulin namin yan," dagdag ni Ka Berting.

"Talaga? Ang swerte naman ng mga anak namin, ang dami na nilang mga nanay at tatay," natutuwang sabi ko.

"Hindi lang yan, marami na rin silang mga kapatid," natatawang dagdag ng aking ina.

Habang nagtatawanan kami, napatingin ako sa aking panganay, nakatitig lang sya sa amin. Tila nagtatanong ang kanyang mga titig. Napahinto ako sa aking pagtawa. Nagtama ang aming mga titig.

Maliban sa aking ina at sa aking bunsong anak, isa pa sa nahihirapan akong magpaalam ay sa aking panganay na anak. Alam kong bata pa sya sa edad na anim pero alam kong kahit papaano nakakaunawa na sya. Mahirap para sa kanya itong aking desisyon. Ako nga, naiisip ko pa lang na malayo na ako sa aking mga anak, naiiyak na ako.

Unti-unti ko syang nilapitan habang nakaupo sa sahig at naglalaro. Umupo ako sa harap niya. Tumingin sya sa akin at muling nagtama ang aming mga titig. Napabuntonghininga ako at kinausap ang aking anak.

"Pag may pagkakataon, anak, pwede naman tayong magkita. Pwede kaming dumalaw ng tatay mo o kayo ni Kleng Kleng ang dumalaw sa amin," pagpapaliwanag ko sa kanya.

"Sige lang nay, kung wala ka, andyan naman si lola, andyan din ang kapatid ko," nakangiting sagot niya na wari'y gusto nyang mapanatag ako.

Tila nabunutan ako ng tinik sa sinabi nyang iyon.

Samantala, habang yakap ko nang mahigpit ang aking anak, may ibinubulong nang buong pagmamahal ang aking puso.

Hayaan mo anak magkakasama-sama rin tayo balang araw. Pansamantala lang ang ating paghihiwalay. Ang pagrerebolusyon kong ito ay para rin naman sa inyong kinabukasan. Kung malaki ka na, lubos mong mauunawaan ang lahat ng ito. Kayo parati ang aking inspirasyon upang malagpasan ko ang mga hirap at sakripisyo sa paggampan ng aking pang-araw- araw na rebolusyonaryong gawain.

# LIHAM PARA KAY KA EDEN



MULA SA ANG BAYAN

Mommy Eden,

Nangangamba po akong hindi ko na maiaabot ang liham na ito nang personal. Mag-aanim na buwan na po tayong hindi nagkikita.

Marahil ay di niyo na ‘ko matatandaan. Nagbabakasakali po ako ngayon na maalala niyo ako kahit papano. Ako po’y isinama niyong dumalaw sa bilangguan sa Calapan nang tayo’y dumating sa Mindoro. May isang Mangyan kasi na dinukot ang ama at asawang lalaki sa hinalang rebelde ang mga ito. Pero wala na sila dun pagdating natin. Pinalaya na daw. Doon ko po kayo unang naging ina. Nag-aalala kayong baka kami’y takutin ng mga warden, maya’t maya tuloy ang text niyo sa amin.

Ako po yung magandang dalagang nangulit kung babalik pa ang dyip na naghatid sa ‘tin sa lumang munisipyo. Mangyari’y naiwan ko yung nag-iisang sweater sa loob ng dyip. Natatandaan niyo na po ba?

Noong nakaraang linggo, nanggaling po ako sa sa isang exposure trip. Tanghaling tapat nang una kong maranasan ang bagsik ng mga kaaway. Pinaulanan kami ng bala. Nasa bahay po kami noon ng mga magsasaka. Sibilyan sila, pero binalewala yon. Malupit sila Mommy Eden. Noon ko napatunayan, hindi sila kumikilala ng karapatang pantao.

Isa po ako sa mga takot na takot nang minsang pagbabatuhin tayo sa lumang munisipyo. Natakot rin ako nang walang sabi-sabi’y kunan tayo ng litrato. Sabi ko’y gusto ko nang umuwi. Pero sabi niyo, huwag matakot dahil wala naman tayong ginagawang masama.

Ngayon po ay napagpasyahan kong bumalik sa kanayunan. Makakasama ko po doon ang mga katutubo. Naaalala ko tuloy ang mga Mangyan. Wala silang ipinagkaiba. Iskuwater sa sariling lupa.

Ngayon po ay hindi na ako natatakot. Wala na rin po akong balak umuwi. Nangangamba tuloy akong baka nga hindi niyo na ako makilala.

Hanggang dito na lamang po. Alam kong magtatagal pa ang susunod nating pagkikita. Subalit alam kong kasama ko kayo pagbalik ko doon.

JOAN

Siyanga po pala Mommy Eden, Happy Mother's Day!

[Sina Eden Marcellana at Eddie Gumanoy ay mga aktibista sa mga karapatang pantao na pinaslang noong Abril 22, 2003 habang nag-iimbestiga ng paglabag sa karapatang pantao sa Oriental Mindoro.]

# Liham para kay Kasamang Esteban

Marso 3, 2006
Para sa 'yo Kasamang Esteban,

Isang Mapulang pagbati!

Matagal-tagal na rin at wala akong natatanggap na balita mula sa inyo, sa katunayan magmula pa nang ako'y sumampa. Palagi kong naaalala at inaasam ang napakaganda nating lugar, ang lamig sa gabi, ang tinig ng mga ibon, ang tawa ng mga batang naglalaro, at ang mga uwahing[1] at panguman[2] ng matatanda.

Kumusta naman ang inyong organisasyon? Anu-anong mga hakbang at pag-unlad ang inabot? Nabalitaan ko na maraming isyu ang hinarap ng inyong grupo, ng buong komunidad. Ginawa yun ng kaaway para sirain ang inyong pagkakaisa. Mahalagang mabuo nang mahigpit ang inyong isip at lakas para sa pagharap sa ganitong banta.

Kumusta naman ang mga programa dyan? Ang ating grupo ng mga health worker? Anu-ano ang mga inilulunsad na aktibidad? Wala na bang nagkasakit matapos maayos ang daluyan ng tubig? Ang daycare, patuloy ba? Balita ko nagsimula na silang magpundar ng pormal na paaralan. Ang mga komunal, dumami ba? O baka naman naisamang muli sa pagbabayo ang mga binhi? At tuwing may rali, nag-aagawan pa rin ba sila sa pagpunta? Meron pa rin bang nagtatampo kung di nakakasama? Itong lahat ang mga namimiss ko dyan.

Sa unang mga araw ng aking pagsampa, parang naramdaman ko ang bigat ng pagkakawalay sa inyo, pero nang maglaon, naintindihan ko na may mas marami pang nangangailangan. Nasabi ko sa sarili na napakalawak pala ng mundo. At naging isang dakilang inspirasyon ang aking mga karanasan diyan.

At unti-unti kong natutuhan ang maraming gawain dito: magmula sa pag-oorganisa, pagpopropaganda, pagtatanim, gawaing medikal, at marami pang iba! Lumakas-lakas din ako; kung minsan sumasama ako

sa paghahakot ng suplay. Mabigat ang aking pak. Nakakaya ko na ang mahahabang lakaran. Di na rin ako gaanong natatakot sa dilim at eksperto na sa paglalagay ng aking duyan kung kami ay nag-ooblag. Marami pa! Ay, konti lang pala.

Kung namimiss ko naman ang aking pamilya, nakikipagsharing lang ako sa mga masa. Nawawala ang aking lungkot sa mahigpit na yakap sa akin ng mga nanay dito sa sona.

Bilang lider, papel natin ang patuloy at walang-kapagurang pagmumulat tungkol sa ating kalagayan. Dahil dito, di maiiwasang masadlak tayo sa maraming sakripisyo. Huwag lang kalilimutan ang seguridad dahil mabangis at traydor ang ating kaaway.

Ang aking pag-alis ay di nangangahulugang nakalimutan ko na kayo. Pisikal lang ang nahiwalay, dahil ang aking pag-iisip at damdamin ay palaging nandyan, kasa-kasama nyo. Kayo ang tunay kong pamilya—salamat sa itinuro nyong pagmamahal at pag-aaruga sa akin. Ang aking magagandang karanasan dyan ang naging balon para maibahagi ko sa iba. Hinding hindi ko ito kalilimutan!

Naalala ko noong sama-sama tayong nangisda, bibong-bibo tayo, iba't iba ang dala ng bawat isa – may lagutmon, may gulay, may mga gamit pangisda. At ang nahuling isda ay hinati-hati natin sa buong komunidad. Ang papel ko noon ay tagabitbit lang ng basket pero masayang masaya ako! Noon at ngayon... maging sa patag o sa bukid, patuloy tayong susulong; patuloy tayong magpapanday ng isang lipunang malaya at maunlad para sa ating mga anak.

Sulatan din ninyo ako, ha? At kumusta sa lahat.

Sa bayan,
ANTALI

---

[1] mga kanta at tula ng mga Manobo (lumad sa Mindanaw)
[2] mga kwento ng Manobo tungkol sa kasaysayan o pinagmulan ng mga lugar at bagay-bagay

# Liham sa isang Ama

Kasamang Tatay,

Mainit na pagbati at yakap!

Kamusta na po? Sana ay nasa pinakamaayos kang kalagayan pati na rin ang mga kasama mo ngayon sa gawain. Kami dito ay ayos din naman. Gagraduate na si Ibay at RA sa Apr. 1. Si Lean naman ay magbabakasyon sa bahay ng isang buwan.

Matagal na rin tayong hindi nagkikita ah? Medyo pumayat na ako ngayon kasi wala nang makain sa tindi ng krisis. Hehe, biro lang. Pero totoong pumayat ako sa dami ng gawain dahil sa tindi ng krisis sa pulitika at ekonomya ngayon.

Kumikilos pa rin ako sa hanay ng kababaihang manggagawa. May diin kami sa mga contractual worker lalo na yung mga nasa garments at electronics. Nasa antas pa lang kami ng expansion sa limang pabrika (ngayon pa lang talaga naibuwelo ang TU work namin) ngunit may mga narekrut na sa MAKIBAKA. Mabilis nilang maunawaan ang mga batayang prinsipyo ng MLM. Mabilis din nilang sapulin ang kolektibong pamumuhay at pamumuno at talagang huwaran sila sa disiplina. Iba talaga ang uring manggagawa, tunay ngang sila ang uring tamang mamuno sa rebolusyon. May mga inihahanda na rin upang maging kasapi ng Partido. Sa isang buwan ay maitatayo na namin ang grupo ng Partido sa dalawang pabrika. Yeheey!

Marami pa sana akong gustong ikuwento sa iyo. Gusto ko pa sanang ikuwento ang mga karanasan namin sa rally lalo na noong may CPR na si Gloria at yung huli nga na PD 1017. Ikuwento ko na lang pag nagkita tayo. Sana malapit na kasi miss na kita. Ingat lagi! Mabuhay ang rebolusyon!

Sa bayan,
Ang maganda mong anak
VITAN

# Liham para sa Isang Ina

Marso 9, 2006
Mahal kong Inay,

Matagumpay ang rali kahapon! Nakakapagod ngunit masaya ang aming grupo sa malaking bilang ng kababaihang napadalo mula sa aming inoorganisang komunidad. Pati mga bata at kalalakihan ay sumama rin! Matagumpay ang pagkilos na iyon dahil muling nakapagrehistro ang kababaihan ng kanilang saloobin at paninindigan sa mga isyu matapos maipataw ang 1017 noong Pebrero 24. Akala ni Gloria lulubayan natin siya ng protesta?

Ngunit naging napakahirap din ng mga naging gawain namin para maabot ang mga layunin sa paggunita ng Pandaigdigang Araw ng Kababaihan. Sana nga ay nakasama kita, Inay, para kabahagi kita ngayon sa pagbubunyi ko sa matagumpay na paggampan ko sa aking parte sa pagkilos na ito.

Pareho kayong wala ni Ading Rea sa rali kahapon. Maikwento ko lang, ilang beses ko na siyang naisama sa rali. Pilyang bata, gustong-gusto sa bandang unahan ng martsa. Noong Pebrero 24 nga, sobrang kaba ko nang binomba na kami ng tubig dahil nasa tabi lang kami ng stage. Natakot akong maiipit siya kaya binuhat ko siya at isinampa ko sa stage! Nakakatuwa dahil hindi ko siya nakakitaan ng takot, sa halip, galit na galit siya sa mga pulis! Ilang beses na rin niyang nasaksihan ang pandarahas ng mga pulis sa mga raling nadaluhan niya. Kaya ayun, hanggang Ayala, kasama ko siya sa martsa! Naku, kung nandun ka lang Inay, makikita mo talagang sa iyo nga niya namana ang tapang niya!

Inay, ano nga palang masasabi mo sa mga balitang umabot diyan sa ibang bansa tungkol sa araw na iyon? E tungkol sa mga nangyayari dito? Tama ka, may Martial Law kahit hindi hayagan. Yung pinakahuling pinatay na aktibista sa Central Luzon, pang-37 na ngayong taon.

Huwag kang mag-alala sa amin ni Ading Rea. Mag-iingat kami lagi. Nagpapasalamat din ako sa buong buo mong pagsuporta sa gawain ko at sa desisyon kong ilapit na rin ang nakababata kong kapatid sa rebolusyon.

Ikamusta mo ako lagi kay Itay. Balita ko ay pinuri siya ng kanyang among Kano sa hotel na pinapasukan niya?

Nagmamahal,

YASMIN

PS. Baka raw puwedeng makahingi si Rea ng pambili ng rubber shoes. Pang-rali niya.

# LIHAM PARA SA MGA ANAK

Dearest Ilana, Cayenne at Boyong,


Mainit na mga yakap at mga halik mula sa kabilang pangpang ng ilog sa harap ng luntiang kabundukan.

Yuhooo! Andito na ako! Bagong labas mula sa pagpapalit ng balat kumbaga sa ahas, kaya napakatagal talaga bago ako nakasulat. Soriiii talaga mga anak. Napakalayo ng aking pinanggalingan kahit isang bar ng signal na awa ng cell site matumal.

Nagluluksang parangal ako ngayon sa ilang kukong namatay. Grabe ang sakit ng kalamnan, halos hindi na ako makalakad. Mabuti na lang sinalubong kami ng mga mapagmahal na masa nang papalapit na kami sa bumabahang ilog—kung hindi baka nalunod na ako dahil sa pagod. Charmos ginamos!

Nakahimpil kami ngayon malapit sa ilog. Paitan, okoo at suso ang kadalasan naming ulam. With matching mga dahon sa paligid. Lahat kami rito ay adik sa panunulo at panghuhuli ng isda gamit ang kulambong sira na hiniram sa masa. Para na kaming mga Badjao (kulay maputlang kalawang na ang buhok) dahil sa kasisisid sa tabing sapa.

Nagsisimula pa lamang ang ating pagtatayo ng kilusan dito. Kaya nga, ang mga masa rito nakakatikim lang ng bigas kung andirito kami, karaniwan pagkaing ugat (kamote, gabi atbp) lamang ang kanilang kinakain dito. Nakakaawa nga eh, ito'y bunga ng kanilang kultura bilang mga katutubo na laging palipat-lipat kaya hindi nakakapagpundar ng sakahan o hayupan. Ngayon, hinihikayat natin silang magtanim at mag-alaga ng mga hayop. Nagsisikap din tayo upang talikuran na nila ang kanilang lumang gawi na tinatawag na pangayaw. Ito ay labanan ng dalawang angkan na bunga ng hindi nareresolbang tunggalian na kadalasan ay nauuwi sa walang habas na patayan. At itong bago pa lamang may dalawang angkan na nagkasundong bumalik sa mabuting



relasyon ang ating natulungang magkasundo matapos ang tatlong taong atakihan at patayan.

Maligayang maligaya tayo sa naging resulta, maliban sa hindi na tayo kinakabahan na matamaan ng crossfire ng dalawang angkan(biro lang hehehe) napaka-aktibo nila sa kilusan. Sa tuwing nagpapatawag ng pulong para sa kampanya, edukasyon at iba pa hindi tumatanggi ang masa. Napakalayo pa ng kaaway, nariyan na agad ang pasa. Ngunit kung minsan may mga pasang hindi naman totoo (pasa-taboy) at napag-alaman natin na ito'y kagagawan ng iilang tao na ginagamit bilang daluyan ng kanilang negosyo ang Umayam river. Hulaan nyo kung anong negosyo? Dyarannn: Marijuana!

Kumusta naman kayo riyan? Sana napakalma ng 1017 ang inyong mga kontradiksyon. Sana patuloy ang inyong pag-assess at csc/pps kahit minsan lang sa isang buwan kung bisi kayo sa kanya-kanyang ginagawa. Iyan lang talaga ang pinaka-epektibong paraan upang magkaunawaan kayo at makasali ako. Masama talaga ang aking damdamin kung hindi maganda ang takbo ng inyong relasyon. Parang isinantabi nyo ako at ang buhay na nais kong ipatahak sa inyo.

Naunawaan nyo ba ako? Huwag lang kayong magsawang paalalahanan si Ilana na huwag magtambak ng napakaraming labahin sa planggana, sa sobrang pamamasyal ni Cayenne at pagka-adik ni Boyong sa wrestling?. Katiting na bahagi lamang ito ng kabuuang problema ng sambayanang Pilipino, di ba? Kinakailangang magsikap tayong unawain ang bawat isa. Iba-iba pa naman ang pag-unawa sa mga bagay. Huwag

nyong kalimutan, hindi sabay-sabay ang ating pag-unlad. Kaya normal lamang na nagtutunggali tayo sa malao't madali. Huwag lang tayong mapagod sa pag-unawa at pagpapatawad sa bawat isa. At higit sa lahat, unawain natin ang diwa ng pamilya. Ano man ang mangyari, kayong tatlo diyan ang magtutulungan. Kaya dapat nating ilagay sa ating isipan na walang perpektong kapatid, magulang at lipunan hanggang umiiral ang malapyudal at malakolonyal na lipunan. Para akong sirang plaka ano? Oo na! Kayo rin!

Ipagpatuloy nyo ang inyong pag-aaral, mga anak ko. Ngayon, kung patuloy na nalilito kayo sa kabila ng ating pagsusulatan at mga text, halina muna kayo rito upang lumapad ang inyong mundo. Nakatitiyak ako na malulutas natin ang lahat kasama ang mga masa at kasama. Napapanahon din at malapit na ang pagsasara ng klase. Mabuti sana kung makabitbit kayo ng mga malapit na kaibigan na naugnayan ng YS. Sus, makakatikim talaga kayo ng kulay ubing biko! Hanggang sa kayo'y di na makagulapay sa kabusugan. What is. Anihan na ngayong Marso.

Hahaha! Natitiyak ko na takam na takam na si Boyong. O sige. Text na lang tayo sa mekaniks 1 week pagkatapos ng closing. Excited na excited na rin ang mga kasama na makita at makasama kayo. Naghanda na nga sila rito ng inyong mga kagigiliwan upang hindi na kayo maka-isip pang umuwi.

Regards daw sabi ni Vani. Yun bang bumitbit ng mga gamit ni Ilana noon! Naghihintay ang Umayam river kay Cayenne. Maraming amag (uri ng unggoy) dito sa erya, Boyong, at maaaliw ka talaga!

Lab,
Adi

# BABAENG WALANG KIBO

```
Dm                                 Gm            Dm
O bayan kong laging nagtitiis nagmimithi ng paglaya
     Bb      A  Bb-A-Bb-A A7
sa ibang bansa lumuluha...

       D      Bm     F#m         D           A
O babaeng walang kibo magnilay ka at mag-isip
     Em              G      Em     A7            D F#
malaon ka nang inaapi at malaon ka nang nilulupig
 Bm                                              E-A7
bakit hindi ka magtanggol may anak kang nagugutom
   D                                    A
bunso mo ay umiiyak natitiis mo sa hirap
  D                                G               A           D
ano't di ka magbalikwas kung ina kang may damdamin at paglingap?

              D                              A
Labanan nating lubusan imperyalistang gahaman
         Em                  A7           D
malaon nang lumulupig sa tanang kababaihan
    Bm               E      A     E   A
alipin na ganap tayo alipin na pati laya
       E7                       A     E7   A
na malaong pinag-usig demokrasya ng paglaya
       Gm                     A       E    A
upang ating mapadali ang labanan ng mga uri
       Gm                 A        Bb      A
tibayan ang mga puso alisin ang pagkakimi.

       D                                  A
O babaeng anakpawis buong giting makilaban
              Em                     A7              D
mangahas kang makibaka mangahas kang magtagumpay
       D                    D7            G
o babaeng manggagawa, at babaeng magsasaka
       D             A             Em     A7      D
magkaisa't at ipaglaban ang pambansang demokrasya!
```

# MARTSA NG KABABAIHAN

Ang buhay ay laging nakalaan sambayana’y laging paglingkuran

```
       C      G      C     F             G
Kababaihan gumising ka lumaban at magkaisa
       Dm                          G      G7         C
buong tapang at giting humarap ka sa unos ng pakikibaka
    G    C           C     F                   G
itaguyod ang himagsikan sa ilalim ng bandilang pula
    Dm                        G        G7     C
iwaksi ang maling kaisipan wakasan ang kahirapan

       C      G         C           F                     G
Ang tatag sa pakikipaglaban panahon na upang iyong patunayan
       Dm                            G        G7            C
ang buhay ay laging nakalaan sambayana’y handang paglingkuran

       C      G      C       F             G
Kababaihan, tumindig ka magbangon at makiisa
  Dm                          G       G7         C
sa hanay ng nakikibakang  manggagawa at magsasaka
  C       G                C          F                 G
kilalanin ang tunay na kalaban mga buhong at taksil sa bayan
       Dm                                G     G7     C
may araw ding mangingibabaw ang tagumpay ng kasaysayan
```

Ang tatag sa pakikipaglaban panahon na upang iyong patunayan
ang buhay ay laging nakalaan sambayana’y handang paglingkuran

Kababaihan, tumindig ka magbangon at makiisa
sa hanay ng nakikibakang manggagawa at magsasaka
kilalanin ang tunay na kalaban mga buhong at taksil sa bayan
may araw ding mangingibabaw ang tagumpay ng kasaysayan

# PASASALAMAT

Ang patnugutan ay nagpapasalamat sa lahat ng mga kasamang tumulong upang mabuo ang isyung ito ng ULOS. Maraming salamat sa mga kasamang nag-ambag ng kanilang mga akda, drowing at dibuho: kina kasamang Parts Bagani, Jem, Bobby, Donna, Jack, Luntian, Mirasol at Palangiting Araw. Salamat sa mga kasamang nagdisenyo ng pabalat at aklat; nag-edit, nag-proofread at nagsalin: kina kasamang Dey, Luna at Ting Remontado. Ilan sa mga drowing at akda na matatagpuan sa isyung ito ay unang lumabas sa mga rebolusyonaryong publikasyon at pangkulturang dyornal gaya ng Ang Bayan; Dangadang at Ramut ng Rehiyong Ilokos-Cordillera; Punla ng Rehiyong Bikol, Malayang Pilipina ng MAKIBAKA at iba pa. Unang lumabas ang "Kuwento ng Marso 8" sa ULOS nuong 2002.